


CRISTIANISMO

LABAN SA IDOLATRIYA

 Sa'yo ito. Itong munting bagay para kay Mama. Ibigay mo 'yan kay...?...Tapos ipaayos mo at pagkatapos itong munting...?...

Salamat, Kapatid na Neville, pagpalain ka ng Panginoon.

Magandang umaga, mga kaibigan. Isang pribilehiyo ang makabalik sa tabernakulo muli sa umagang ito, na sariwa na ang pakiramdam at mabuti na. Noong isang araw bago ang kahapon haya't ni hindi ako makapagsalita. Nagkaroon ako nung munting mikrobyo riyang pakalat-kalat, alam n'yo na, na dumadapo sa mga lalamunan at pinamamaos ang mga 'yun, pero tinulungan ako ng Panginoon at inalis ako mula sa kalagayan na 'yun para makapagsalita ako sa umagang ito sa inyo.

² At nagagalak tayo na may mainam na tabernakulo na punong-puno at nakatayo na ang mga tao. Iniisip ko nga na sana may mga upuan pa tayo, at para maibigay sa mga taong nakatayo riyang. Ikagalak natin kung mabibigyan sila, pero sa palagay ko ay okupado na ang lahat. Alam ko na ayaw n'yo namang lumapit dito at maupo sa tabi ng mga bata rito sa may altar at nakatalikod kayo nang paganoon.

³ Ngayon, mga ilang araw ko na rin pong pinag-aaralan ang kasaysayan, at naisip ko na marahil sa umagang ito na sa halip na mangaral ay makapagturo ako nang kaunti ukol sa Salita ng Diyos. At ngayon marahil maaatrasado tayo, kaya aking . . . ang ilan marahil sa inyo ay makipagpalitan lang sa mga nakatayo, o kung ano, magiging mainam po kung magagawa n'yo—kung magagawa n'yo 'yun at mapagpahinga sila nang kaunti.

⁴ At ngayon marami sa mga kaibigan ko, haya't may mga kaibigan ako na dumating, ang iba'y nanggaling pa sa malalayo, galing pang Georgia, mayroon sa Ohio, Tennessee, iba't ibang lugar mismo, Illinois, Missouri, Michigan, may mga nanggaling din ng Chicago, galing mismo sa isang munting tabernakulo na kagaya nito. Talagang nagbubunsod 'yun sa akin na magpasalamat sa mga tao na gaya n'yan. At hindi lang 'yan, siyanga't nais kong sabihin ito, hindi sa kapakanan . . . bagkus sa kapakanan ng Salita ng Diyos: halos bawat isa nga sa mga taong 'yan ay di lang nagpunta bagkus nagdala pa sila ng kanilang mga ikapua para ibigay sa iglesia bilang tulong.

⁵ Ngayon, 'yan po'y mga kaibigan talaga na tapat. Hinding-hindi mo basta makakalimutan ang mga taong gaya n'yan.

⁶ At pagkatapos kung minsan may bagay ako na kailangang sabihin na makahahapak sa kanila, pero makikita n'yo kung ano ang halaga nun dun. Sa puso mo ayaw mo sanang gawin ito, pero haya't may Bagay na nagsasabi, "Iyong . . . kailangang gawin," kita n'yo, kaya dapat mo ngang gawin ito.

⁷ At ang makita sila na galing sa lahat ng dako at—at nagsusumikap na makapaglingkod sa Panginoon, at naniniwala sa pagmiminsteryo na ibinigay sa akin ng Panginoon at nagtitiwala sa akin bilang Kanyang lingkod na hindi ko sila sasabihan ng anumang bagay na mali, kaya naman nang may ganap na sinseridad kailangan kong gawin ang lahat ng nalalaman ko kung paano—paano pagpastulan ang mga kaluluwa ng mga taong ito; yamang nalalaman na di sila nagpunta rito para magpakita lang, na magmamaneho sa nagyeyelong mga kabundukan at mga burol, at sa mga kalsada na matrapik, at ang mga anak nila'y nakakalingat sa pagkain at pagtulog, at ang mga maleta nila'y naroon sa likod ng kotse. At, alam n'yo na, mahirap po 'yan.

⁸ Pero ang sabi ng Biblia patungkol sa ganitong mga tao, doon sa Aklat ng Mga Hebreo, sa ika-11 kabanata, "Na sa mga taong 'yun ay hindi karapat-dapat ang sanlibutan." Aking—aking sinasabi 'yan dahil taos po sa puso ko.

⁹ At marami rito ang mga taga-New Albany at Louisville, at sa karatig, doon sa Kentucky, at iba't iba pang dako na hindi kalayuan, pero hayan nga na sila'y tapat ang loob na dumalo, nagmamaneho sa yelo, niyebe, sa kung anu-ano pa, para makadako rito.

¹⁰ Ngayon, sa susunod na Linggo ay bisperas na ng Pasko. At naisip ko na ako sana'y . . . may Pamaskong mensahe ako para sa iglesya, pero akin—akin ngang inaalala ang mumunting mga bata, masasabi ko nga na kung sila . . . kung paparito po ako, kung ganoon sila na mumunting mga bata'y marahil, marami sa kanila ang taga-malayo pa, di sila makakaabot sa kanilang Pasko't mga bagay-bagay. Kaya marahil magiging mahirap para sa mumunting mga bata na 'yun. Pero bago lamang magpatuloy . . . Ngayon, tayo . . .

¹¹ Alam ko na tayo rito'y hindi natin itinuturo sa ating mga anak ang tungkol sa ganoong katha-katha na gaya ni Santa Claus. Hindi tayo naniniwala sa pagsasabi sa kaninuman ng isang kasinungalingan, kaya huwag kayong magsinungaling sa inyong mga anak. Yung ganyang mga bagay, siyanga't labis-labis na mitolohiya kung maituturing, 'yang ganyang bagay na pinapalitan si Cristo sa Pasko.

¹² At nawaglit ng Pasko . . . Hindi na nanatiling pagsamba ang Pasko; naging selebrasyon na, ng pag-iinom ng alak, pagsusugal, paglalasing, naging sukdulan nang pagano. At hindi 'yun . . . At nais kong . . . Siguro'y pagkatapos ng Pasko ay

mangungusap uli ako tungkol sa *Pasko*, kita n'yo, para hindi ko maagawan ang mumunting . . . Siyanga't hindi n'yo masasabi 'yun sa mumunting bata kagaya nun. Makikita nila kasi ang ibang mumunting bata sa bisperas ng Pasko na nakakatanggap ng mga Pamaskong regalo at mga bagay na gaya nun, hindi nila 'yun mauunawaan. Kita n'yo? Sila nga'y . . . maliliit lang sila. At kailangan natin silang alalahanin, na sila'y . . . na may mga bagay sila na pagkakatulad. Kailangan nating dalhin ang sarili natin sa lebel na 'yun para alalahanin sila na mumunting mga bata, na sila mismo'y . . .

¹³ Masyado—masyado ba akong malakas dito, kapatid, masyado ba ang lakas nito? Naririnig n'yo ba akong maigi diyan sa likod, diyan sa likod na likod? Huh? Sandali lang po, masyado akong malapit. Aling mikropono ang bukas, itong dalawa, itong isa at ito? Sa palagay ko—palagay ko 'yung isa riyang ang maganda. Yang—'yang . . . Kumusta naman po, naging mas mainam na ba? Ngayon ayos na, mabuti.

¹⁴ Ngayon, kailangang maunawaan ng mumunting mga bata. Alam n'yo, sila—sila po'y maliliit na bata, at dapat nating alalahanin na tayo man ay naging maliliit na bata rin, noon.

¹⁵ At naalala ko noong maliliit na bata kami, lalabas sila't magpuputol ng matandang palumpong ng cedro sa kung saan, at gagawa si nanay ng popcorn at isasabit 'yun sa palibot nun. Yun na 'yung magiging palamuti nung puno. Pero 'yung mumunting, lumang himulmol nang mga medyas ay nakasabit dun na parang . . . At, oh, at marahil kukuha siya ng . . . marahil isang maliit na supot ng kendi, at 'yung maliliit na matigas na kendi, (at dalawa o tatlo nun ay sa akin, at dalawa o tatlo ang kay Humpy, at dalawa o tatlo kay *ganito*), haya't maliliit na piraso ng kendi, at tago-tago namin 'yun buong araw, sinusupsop 'yun, alam n'yo na. At ibabalot ng munting pirasong papel at ibubulsa. At kung may lumang laruang baril kami, o—o isang munting torotot para hipan, malaking bagay na 'yun, natutuwa na kami nang husto.

¹⁶ Ngayon, siyempre, iba na. Maging ang mga mahihirap ay nakakapagtago ng kaunti pang pera at mangyari nga na sila'y nakakabili para sa mga anak nila ng mas maraming bagay, nakakapanamit nang mas maayos, nakakakain nang mas maigi, mas maigi ang pamumuhay. At sa lahat—sa lahat ng aspeto mismo, sa palagay ko ay mas maalwal sila, at sa lagay ng pagsusuweldo sa panahon ngayon. At kaya naman, ang mumunting mga bata, mainam naman na bigyan n'yo sila ng kung anong bagay.

¹⁷ Pero lagi n'yong siguraduhin ito, sabihin n'yo sa kanila na walang ganoong bagay gaya ng Santa Claus, dahil hindi 'yun tama. Darating ang araw na lalakad sila't magsasabi, “Ano 'yang tungkol kay Jesus, na 'yan?” Kita n'yo? Kita n'yo?

Kaya sabihin n'yo sa kanila ang Katotohanan, maging tapat kayo sa lahat. Maging Katotohanan mismo. At, lalong-lalo na, hindi kayo magsasabi sa inyong mga anak ng bagay na mali, dahil lalaki sila't magsasabi. . . Naniniwala sila sa inyo bilang Cristiano, at nais nilang inyong. . . Naniniwala kasi sila na ang bagay na sinasabi n'yo sa kanila ay pawang Katotohanan. Kaya siguraduhin n'yo na sinasabi n'yo sa kanila ang Katotohanan, nang sa gayon nga'y magiging mainam ang resulta.

¹⁸ Ngayon, at hayan nga na nais kong magkaroon ng isa pang gabi kung magagawa ko, o araw, sa tabernakulo, bago ako humayo para sa parating kong mga taon sa paglilingkod. . . taon ng paglilingkod, ang ibig kong sabihin.

¹⁹ At kung layunin ng Diyos, nais kong sumubok na magsagawa ng mas maraming mga pagtitipon sa ibayong-dagat sa taon na ito, dahil nararamdaman ko ang pangangailangan ukol dito. Lalo na sa Switz-. . . sa Sweden at Norway, at marami sa mga bansang Scandinavian—Scandinavia, at hanggang sa Asya. Nararamdaman ko na malubhang kailangan nating mamalagi sa pananalangin para sa mga bagay na ito, na kailangan nating matutunan ang pamamaraan ng Espiritu Santo at ang daan na Kanyang pangungunahan tayo, at ang mga bagay na kailangan nating gawin.

²⁰ Sa pag-aaral sa sinaunang kasaysayan ng iglesya, batay kina Broadbent, at Hazeltine, at marami sa mga komentaryo nila ukol dito, *Nicene Fathers*. . . At kahapon ay nadaanan ko nga ang buong talambuhay ni San Martin na tinanggihan ng iglesyang Katoliko na ikanonisa; ang Diyos ang gumawa nga nun. Mangyari nga na sila. . . batay dun sa dakila niyang buhay, at kung papaano nga na ang siya ring mga tanda't mga kabalaghan ay lumalakip sa lalaking 'yun sa buong buhay niya; kung papaanong nagbangon siya ng dalawang taong patay, nagpalayas ng masasamang espiritu, nagsalita sa iba't ibang wika, at nakakita ng mga pangitain at mga bagay-bagay, at grabeng dakilang lalaki. Pero, sa kabila nun, sa mismong lihim ng kanyang kapangyarihan ay ang kababaan ng loob sa harap ng Diyos. At nasumpungan natin sa panahon ngayon na ang iglesya, gayong ipinapangaral nila ang kapangyarihan nito at itinuturo ang mga tanda na lumalakip sa mananampalataya, mangyari nga na nasumpungan natin na yumayabang sila, "bigating ako, pipitsuging ikaw," at mangyari nga, ito'y—ito'y di tulad ng sinaunang Iglesya, kita n'yo. Sila noon ay mapagpakumbaba, at mabuti sa isa't isa, at magaan ang loob, mapag-unawa. At ibang-iba na talaga ngayon. At iniisip ko nga kung ang malaking bahagi kaya nito'y hindi tayo inilalayo mula sa—sa tunay na butil ng—ng Mensahe, na, nais nating ipagpakumbaba ang mga sarili natin. Panatilihin ang sarili. . . Kung mas higit kayong mapagpakumbaba, mas higit kayong magagamit ng Diyos.

²¹ Sa pag-aaral ko nitong tungkol sa mitolohiya at lahat ng mga

kathang-mitolohiya na ito, ang Pasko nga'y isang katha. Hindi nga sa hindi. . . Wala ngang katotohanan tungkol sa Pasko. Ang Pasko'y di man lang nabanggit sa Biblia, hindi sila sumamba sa araw ng kapanganakan ni Cristo. Walang ganoong bagay. Romano Katolikong dogma 'yan at hindi Cristianong katuruan, walang Kasulatan para rito kung saan sa Biblia at sa unang sandaang taon pagkatapos ng Biblia, kita n'yo, wala nga nito. Isa lang itong katha. Si Santa Claus, ang komersyo, lahat, ang buong 'yun ay humantong sa isang malaking kalipunan.

²² Kung babalik kayo at pag-aaralan ang pasimula nun at titingnan ngayon, makikita n'yo kung nasaan na tayo. Wala nang natitira pa, wala na mismo kundi ang Pagparito ng Panginoon. Yun lang. Wala na ngayong anuman na makatutulong sa atin palabas ng kaguluhang ito kundi ang Pagparito ng Panginoon.

²³ Ito ba 'yung munting pinipindot para tapalan 'yung mga teyp? Mas mainam siguro kung tapalan ko itong buong ito, huwag na lang itong ipadala, dahil medyo magaspang ito. Pero sinasabi ko nga ito. . . Nagteteyp na ba ngayon? Huwag n'yong ibenta ang mga teyp na ito, kita n'yo, ang mga teyp na ito'y huwag ipagbili. Maaari nilang pagpasa-pasahan sa loob ng iglesya, o kung ano pa, pero. . . dahil ito'y. . . magdudulot ito ng kalituhan, sigurado 'yan. Kita n'yo? Kaya huwag n'yo lang ilabas hanggang sa maayos natin ito na panibago.

²⁴ Ngayon, bago natin dulugan ang mensahe, at ang lahat nga'y sikapin na maging mapagbulay at mapayapa sa abot ng makakaya n'yo. Hindi ko po pakakahabaan nang husto, pero nais kong dahan-dahanin para. . . mapatimo ito nang husto, para makita n'yo talaga ito. Ngayon, atin munang. . . Ngayon, kung naisantabi na ang lahat ng mga bagay, sa palagay ko, mayroon pa bang. . .

²⁵ [Sinasabi ni Kapatid na Neville na may ilan pang bakanteng upuan—Pat.] Sige, papuntahin n'yo rito 'yang mga binibini na nakatayo ryan sa gilid. May lugar pa rito para sa inyo na mga kapatid na babae. Sige. Heto ang isa sa unahan. Heto ang isang upuan dito. May mga bata rito sa may altar, kung may nais na tumayo at 'yung munting bata, at ibigay ang kanilang upuan sa iba, sa matanda na nakatayo. Hayan po, may puwesto pa sa may—sa may altar dito para sa mga bata, at para may matanda na makaupo. Yang mga binibini na nakatayo ryan sa likod sa may haligi ryan. Kung inyong. . . Medyo narito nga lang sa sulok na sulok, pero ito'y. . . mas mainam 'yun kaysa sa tumayo ryan. Kung nais n'yo pong tumayo. . .

²⁶ Heto ang ilan sa may entablado. Ngayon, ang ilan sa inyo na mga kapatid na nais pumunta rito, itong mga bata rito'y. . . Heto ang isang maupuhan sa tabi ni Kapatid na Way. Lumapit lang ngayon, maupo lang kayo sa dako rito, para ang lahat. . . para makampante ang lagay n'yo, na ang pakiramdam n'yo. . .

para bang ang pakiramdam n'yo ay nasa bahay lang kayo. Heto po ang isang puwesto pa rito, kay Kapatid na Shelby, dito sa may entablado, kung nais n'yong lumapit dito at maupo sa tabi namin, dito lang po. At diyan kina Kapatid na Evans at Kapatid na Charlie, at kayo, heto—heto ang isang maupuuan rito, at isa pa roon, at dalawa—dalawa pa nga rito. Lumapit lang kayo, 'yang kapatid diyan na nanggaling pang. . . lumapit lang kayo, pumuwesto lang kayo nang kumportable para tayo'y. . . paupuin lang ang lahat nang tahimik sa abot ng makakaya natin para sa—para sa gawain, para hindi kayo mapagod at mahapo at sa katatayo.

²⁷ Ang ilan sa inyo diyan sa likod na mga kapatid. . . kapatid na babae sa pasilyo riyan, na nakatayo riyan sa likod na likod ng pasilyo. Kayo'y. . . may puwesto pa. Heto ang isa pa, upuan po ng piyano na puwedeng gamitin ng isa riyan, kung nais nilang lumapit at maupo rito. Magiging maigi ang lahat. May nakikita akong binibini sa likod diyan na nagsesenyas na may bakante pang upuan sa tabi niya, kaya sige po mainam 'yan. Sige't pumuwesto lang kayo nang kumportable sa abot ng makakaya n'yo ngayon.

²⁸ At ngayon habang pumupuwesto tayo, atin pong. . . Halos dalawampung minuto, dalawampu't tatlong minuto lampas ng alas diyas, ngayong ika-labimpitong araw ng Disyembre. Maulan sa labas, dito sa Jeffersonville ngayong umagang ito. At—at di lang tayo kaaya-aya sa labas; pero mainam ang pakiramdam natin sa loob, kaaya-aya, yamang nalalaman natin na papalapit na tayo, napipinto na ang Pagparito ng Panginoon, at papalapit na sa Walang Hanggan. At lubos ang pasasalamat natin sa Diyos na nagagawa natin sa umagang ito na makatayo at makabahagi sa mananampalataya, at sa di-mananampalataya, ng Salita ng buhay na Diyos. Umaasa na magiging isang dakilang araw ito para sa lahat upang maunawaan ang mga bagay ng Panginoon.

²⁹ Ngayon iyuko na po natin ang ating mga ulo pansumandali para sa pananalangin. At habang nakayuko ang ating mga ulo, kung mayroon po riyan na nais maalaala, itaas n'yo lang ang inyong mga kamay sa Diyos, alalahanin n'yo ang inyong kahilingan sa puso n'yo. Salamat.

³⁰ Makalangit naming Ama, habang kami ngayon ay nasa loob ng tabernakulo, ang lahat ay nakaupo, at bukas ang mikropono, at amiikot ang mga rekorder, at ang mga Cristiano'y nananalangin, ang mga kahilingan ay ipinapaalam. At sa halos dalawa o tatlong sanlinggo na tuluy-tuloy kong inaaral ang tungkol sa mensaheng ito para sa araw na ito. At kaunting salita lamang na marahil magagamit ng Espiritu Santo para patimuin ang paksang ito sa mga puso ng mga tao, para makita nila ang panahon na kinabubuhayan namin, at makapaghanda para katagpuin ang Panginoong Diyos. Ipananalangin po namin

ang lahat ng mga maysakit sa amin at mga nagdadalamhati sa buong dako.

³¹ Oh Jesus, alalahanin Mo po ang Iyong Iglesya, ang Iglesyang pangkalahatan, sa buong mundo sa umagang ito, ang ilan ay nasa mga kakahuyan, ang ilan ay nasa lambak ng pagpapasya, ang ilan ay nasa taluktok ng bundok. At sa buong mundo mismo ang Iyong mga anak ay nakadepende sa Iyo at tumatawag sa Iyo. At kagaya ni Juan noong unang panahon, mula sa Pulo ng Patmos, ang sabi, “Kaya naman, pumarito Ka na, Panginoong Jesus.”

³² At napagtatanto namin na kami’y hindi labas sa presensya ng kaaway, nariyan siya palagi para manghadlang at para magpahinto, at gawin ang anumang bagay na magagawa niya. Pero, Oh Panginoon, pagkalooban Mo ang Iyong mga anak ng pananampalataya sa umagang ito, ng kapangyarihan para umangat sa ibabaw ng kaaway, para buksan ang kanilang mga puso at ibunsod ang kanilang kaluluwa na maging isang bukid ng matabang lupa kung saan ang Salita ng Buhay ay maaaring ihasik, at makapagbubunga ng dakilang kagalakan at isang mayabong na ani.

³³ Dalangin ko, Panginoon, na Iyong pagpapalain ang Iyong Salita at ang Iyong mga lingkod. Ikaw po’y magkaloob ng tulong sa mahinang tinig ko nang sa gayon ay makapanatili akong malakas sa pamamagitan ng pahid ng Espiritu Santo. At pagkatapos sa pila para sa pananalangin, magkaloob Ka po ng kapangyarihan at pananampalataya, Panginoon, na walang mahinang tao ang mapasakalagitnaan namin sa pag-alis namin sa gusaling ito. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

³⁴ Nalalaman po namin na kami’y nabubuhay na sa huling panahon. At aming hinihiling sa Iyo na kami’y pagpalain ngayon habang kami’y patuloy na naghihintay sa Iyo at sa pagbabasa ng Iyong Salita. Sa Pangalan ni Jesus kami’y nananalangin. Amen.

³⁵ Ngayon ako po’y magbabasa ng dalawa o tatlong dako sa Kasulatan, at gaya ng inanunsyo ko noong nakaraang Linggo na ngayon ay sisikapin kong mangusap patungkol sa: *Cristianismo Laban Sa Idolatriya*. At ’yan ang paksa natin para sa umagang ito. At, ngayon, hindi po ako teologo, hindi rin mag-aaral ng Biblia sa anumang paraan, heto’t isang di nakapag-aral lang na tao na iniibig ang Panginoong Jesus nang buong puso ko. Hindi ko inaangkin na maging isang teologo o sinusubukang kunin ang lugar ng isang teologo, pero ako lamang ay nagsisikap sa kababaan ng aking puso na ipaliwanag ang mga bagay na ’yun na nararamdaman kong inihayag sa akin ng Espiritu Santo, at kailangan kong ilahad sa aking iglesya. Dahil interesante sa akin na ang iglesyang ito ay lumago, na ang iglesyang ito ay tama sa espiritual. Interessante sa akin dahil ang iglesyang ito’y

interesante sa Diyos, at ang interesante sa Kanya ay interesante sa akin. Kaya kailangan ko itong masigurado na magagawa.

³⁶ Sa pagbabasa sa sinaunang mga mananalaysay ng kasaysayan, patungkol kina Ireneo at sa kanila, kung papaano nila napapanatili ang kanilang iglesya na di madungisan mula sa mga bagay ng sanlibutan, kung papaanong ang mga sinaunang guro'y nakaabot doon at tunay na nanatili sa Ebanghelyong 'yun. Ang Biblia'y hindi pa nasusulat noon sa porma na kamit natin Ito ngayon, hindi nga hanggang sa panahon ng Repormasyon, at inilimbag 'yun ni Luther. Pero mayroon sila—sila nung tinatawag nila na *The Gospel and Apostle. Gospel and Apostle*, at nanatili sila room.

³⁷ Ngayon, para sa dalawang dako na layon nating basahin sa umagang ito, ang isa'y matatagpuan sa Aklat ni Jeremias, sa ika-7 kabanata, at simula sa ika-10 hanggang ika-18 talata. Yung isa pa'y matatagpuan sa Mga Gawa 7:49. At kung nais n'yong markahan ang teksto para rito, o ang teksto mula rito, Jeremias 7, 'yun nga'y sa ika-18 talata. Nais kong simulang basahin mula sa ika-10 kabanata.

At magsisiparito at magsisitayo sa harap ko sa bahay na ito, na tinatawag sa aking pangalan, na mangagsasabi, Kami ay laya upang inyong gawin ang lahat na kasuklamsuklam na ito?

Ang bahay bagang ito, na tinawag sa aking pangalan, naging yungib ng mga tulisan sa harap ng inyong mga mata? Narito, ako nga ang nakakita, sabi ng PANGINOON.

Nguni't magsiparoon kayo ngayon sa aking dako na nasa Silo, na siyang aking pinagpatahanan ng aking pangalan nang una, at inyong tingnan kung ano ang aking ginawa dahil sa kasamaan ng aking bayang Israel.

At ngayon, sapagka't inyong ginawa ang lahat ng gawang ito, sabi ng PANGINOON, na nagsalita ako sa inyo, na ako'y bumabangong maaga at nagsasalita, nguni't hindi ninyo dininig; . . . aking tinawag kayo, nguni't hindi kayo sumagot;

Kaya't gagawin ko ito sa bahay na ito, na tinatawag sa aking pangalan, na inyong tinitiwalaan, at sa dakong ibinigay ko sa inyo at sa inyong mga magulang, ang gaya ng aking ginawa sa Silo.

. . . akin kayong itatakuwil sa aking paningin, . . . akin ngang itatakuwil ang lahat ninyong mga kapatid, gaya ng pagkatakuwil ko sa lahat ninyong mga kapatid, sa buong binhi ni Ephraim.

Kaya't huwag mong isamo ang bayang ito, huwag idalangin. . . ang bayang ito, ni palakasín man at ang daing ni mga dalangin man patungkol sa kanila, o

mamagitan man ikaw sa akin: sapagka't hindi kita didinggin.

Hindi mo ba nakikita kung ano ang kanilang ginagawa sa bayan ng Juda at sa mga lansangan ng Jerusalem?

³⁸ Ngayon nais kong huminto bago ko basahin ang panghuling talata nito. Hayaan n'yong banggitin ko uli ngayon. Sinasaway ng Diyos ang bayang ito, at sinasabi, "Huwag manalangin para sa kanila." Hayaan n'yong simulan ko uli sa ika-16 na talata at basahin hanggang sa ika-18 ngayon. Pakinggan n'yo pong maigi.

Kaya't huwag mong idalangin ang bayang ito, ni palakasín man ang daing ni mga dalangin man patungkol sa kanila, o mamagitan man ikaw sa akin: sapagka't hindi kita didinggin.

Hindi mo ba nakikita . . . Hindi mo ba nakikita kung ano ang kanilang ginagawa sa bayan ng Juda at sa mga lansangan ng Jerusalem?

Ang mga anak ay nangamumulot ng kahoy, . . . ang mga ama ay nangagpapaningas ng mga apoy, at ang mga babae ay nangagmamasa ng masa, upang igawa ng mga tinapay ang reina ng langit, at upang magbuhos ng mga handog na inumin sa ibang mga dios, upang inyong mungkahiin ako sa galit.

³⁹ Ngayon, nais kong bumuklat naman ngayon sa Aklat ng Mga Gawa, sa ika-7 kabanata, at simulan sa ika-44 talata, at babasahin hanggang sa ika-50.

Sumaating mga magulang sa ilang ang tabernakulo ng patotoo, ayon sa kanyang itinakda, ng nagsalita kay Moises, na kaniyang gawin yaon alinsunod sa anyong kaniyang nakita.

Na yao'y ipinasok din ng ating mga magulang sa kapanahunang ukol na kasama ni Jesus nang sila'y magsipasok sa inaari ng mga Gentil, na pinalayas ng Dios sa harapan ng ating magulang, hanggang sa mga araw ni David;

Na nakasumpung ng biyaya sa Dios, at huminging makasumpung ng isang tahanan ukol sa Dios ni Jacob.

Datapuwa't iginawa siya ni Salomon ng isang bahay.

Bagama't ang Kataastaasa'y hindi tumatahan sa mga bahay na gawa ng mga kamay; gaya ng sinasabi ng propeta,

Ang langit ay ang aking luklukan, at ang lupa ang tungtungan ng aking mga paa: Anong anyo ng bahay ang itatayo ninyo sa akin? sabi ng Panginoon: O anong dako ang aking pahingahan?

⁴⁰ Ngayon, makikita n'yo sa pagbabasa ng Kasulatan, haya't, sa kung saan ko inilalagay ang kaisipan ko sa umagang ito, ukol sa "idolatriya," unang-una, bilang pasimula. Kakaunti lang ang nasulat patungkol sa *idolatriya*. Hindi karamihan ang mga aklat na ipinapaliwanag ang idolatriya, kung ano ang idolatriya, at gayunpaman ay punung-puno ang sanlibutan nito. Sa palagay ko ang dahilan nito, ay dahil hindi talaga 'yun naipapaliwanag kailanman sa mga tao, kaya di nalalaman kung ano nga ito. At isang pribilehiyo nga para sa akin, at dakilang pribilehiyo ko sa buhay ko, sa pagbibiyaha ko, na makakita ng mangilan-ngilang idolatriya, para malaman kung ano ito.

⁴¹ At heto nga na sa pag-aaral ko tungkol sa idolatriya, nitong huling ilang sanlinggo, ng mitolohiya, ng mitolohiyang Griyego at mitolohiyang Romano, hayan nga na ibinalik ako para makita kung kanila bang pinatay. . . pinanatili pa ang siya ring bagay na buhay pa rin, tiningnan kung ang idolatriya ba'y nananatili pa rin gaya ng kung ano ito sa pasimula. Ngayon sa paglalakbay ko, sa pagkakakita ko sa idolatriya; at pagkatapos sa pagkakita ko kung paano ito nagpasimula, sa pagbabasa kung paano 'yun nagpasimula noon. . . sa sinaunang mga panahon; nakita ko na hindi ito nagbago.

⁴² Ngayon, nanggaling na ako ng India, ang India'y punung-puno ng idolatriya. Mayroon sila dun na mga lumalakad-sapoy at ang iba't ibang. . . Sa palagay ko, noong isang hapon nga noong dumating ako sa Bombay, ako'y inaliw nung hapon na 'yun ng. . . ako'y. . . may nagsabi sa akin, dahil hindi ko nga kilala kung sinu-sino dun, nandun sila sa templo ng mga Jain. At nasa labimpito o pitong, iba't ibang relihiyon, at sigurado ako na labimpitong iba't ibang relihiyon ang nakipagtagpo sa akin roon para sa paghahamon sa Salita, at ang bawat isa sa kanila'y mariin na laban kay Cristo. Labimpitong iba't ibang relihiyon! At sila roon. . . Pinahubad nila sa amin ang aming mga sapatos sa may templo, at pinapasok, at pinaupo kami sa mga unan. At maraming oras nga ang kailangang gugulin para sa lahat ng seremonya roon (gaya ng tawag ko rito) na kailangan naming pagdaanan. Pero dinala nga kami roon ng alkalde ng siyudad, siya mismo'y isang Hindu, na isang Mohammedan.

⁴³ At si Mohammed ay isang propeta, at siya'y nagmula sa lahi ni Ismael na isang anak din ni Abraham.

⁴⁴ At sa linyang ito na isang bantog na ebanghelista sa mundo ngayon, ay haya't, tumakbo mula sa isa sa kanilang lalaki roon na humamon sa kanya ng isang pagtutuos sa Salita. At, sa opinyon ko, ang dapat sana na sinabi nung ebanghelista, "Wala akong mga kaloob ng pagpapagaling, pero ang aming katawan ng mga mananampalataya ay may ganoon. Bigyan mo lang ako ng kaunting oras, at magdadala ako ng isa rito." Kita n'yo? Pero, mangyari nga, na kapag gagawin niya 'yun, hayan nga na

nilalantad ng ebanghelista ang sarili niya sa mga organisasyon na tumataguyod sa kanya, at pagkatapos nga'y patatalsikin siya.

⁴⁵ At pagkatapos sa ikalawang kaisipan dito, naniniwala ako na hindi ko hahayaan ang di-mananampalataya na 'yun na magtagumpay laban sa Salita ng Diyos. Kung ako'y matalo, tatayo pa rin ako roon at ipapakita ko ang pananampalataya ko at paniniwala sa Diyos na Siya'y nananatiling Siya pa rin. Gaya ng sinabi ng mga binatilyong Hebreo noon, "Ang Diyos namin ay may kakayahan na iligtas kami mula sa nagningas na hurnong ito, pero gayunpaman hindi kami yuyuko sa inyong mga diyus-diyosan." Tama, naniniwala ako na mas magiting na bagay kung ganoon. At pagkatapos muli ako'y . . .

⁴⁶ Bilang isang doktor ng teolohiya at maalam sa Kasulatan, gaya nga ng kung papaanong bantog siya na ebanghelista, at magiting na lalaki siya, naniniwala ako na hahamunin ko ang tao na 'yun ukol sa Salita, kung si Jesus ba'y ang Cristo o hindi, o kung si Mohammed ba'y ang propeta, at mapapatunayan sa pamamagitan ng sarili niyang Biblia. Kung 'yun ang naging katawagan ko (sa Biblia) na gaya nun na ebanghelista, para ipaliwanag ito, tatayuan ko nga ang tayo na 'yun sa halip na takbuhan 'yun at aatras na lang. Ipinapakita lang nun . . . Hindi nga nun ipinapakita ang tunay na Cristianong katapangan na maninindigan doon, sa mabuhay o sa mamatay. Ang Diyos ay may kakayahan na magligtas. Sa palagay ko ay tinanggap ko ang hamon niya na 'yun.

⁴⁷ Pero kinakalimutan nilang alalahanin 'yung tungkol sa Bombay noong ang bulag na lalaki roon, ang mga Mohammedan, noong gabi na 'yun na tumanggap ng kanyang paningin sa pagtitipon. Hindi nga nila 'yun babanggitin.

⁴⁸ Pero, sa kabila nun, sa mga taong ito, hindi sila mga ipokrito. Sila'y sinserong mga tao, na kasing sinsero n'yo at ako, at kung minsan pa nga'y higit pa kaysa sa atin dito sa Amerika. Hindi sila mga ipokrito. Tunay silang naniniwala roon at ginaganap 'yun nang buong nasa kaibuturan nila.

⁴⁹ Hayaan n'yong bigyan ko kayo ng isang munting bagay patungkol sa idolatriya. Nakalimutan ko lang ang pangalan ng diyus-diyosan na diyos nung mga naglalakad-sa-apoy, pero isa 'yung malaking rebulto na may mataas, na malaking . . . parang maihahambing sa mukha ng isang tao, parang inukit na mukha, na may malapad, na malaking mga tainga para pakinggan daw ang lahat ng mga kasalanan nila't kung ano pa. At mamahalin, na naglalakihang mga rubi na mga hikaw sa kanilang . . . sa kanyang mga tainga rito, na, siguro'y ang halaga'y aabot ng kalahating milyon kada isang piraso, marahil; marahil sobra ang kalkula, o marahil kulang ang kalkula. Pero, oh, 'yun nga'y talagang mamahaling mga hiyas na naroon sa diyus-diyosang 'yun!

⁵⁰ At 'yung pari nung templo'y dadalhin 'yung mahirap na magsasaka, hindi niya kailangang maging. . .haya't ordinaryo lang, hindi kailangan na isang espesyal na tao. Ordinaryong tao lang siya, isang magsasaka na nagnanais magbigay pasasalamat sa kanyang diyus-diyosan dahil sa mabuting ani. At, sa ginagawa niyang 'yun, ipinapakita niya ang pananampalataya niya sa diyos niya sa pagpunta niya roon sa templo at mababasbasan ng kanyang pari.

⁵¹ At pagkatapos para . . .naghahanda na siya para lumakad dun sa isang hukay ng mainit na baga na makailang talampakan ang lalim at makailang talampakan ang lapad, at pinapaypayan pa ng mga pamaypay hanggang sa magbagang-puti ang mga ito. Ngayon, hindi nga 'yun pagkukunwari, totoo 'yun. Magtutungo siya roon sa harap ng diyus-diyosan, ikukumpisal ang kanyang mga kasalanan sa paring ito, at bubuhusan nila siya ng tubig; ng agua bendita, at kung ano pa, na binasbasan nung pari.

⁵² At pagkatapos, maraming beses, kukuha sila ng malaking kawil, pangkawil ng isda, may kalakihan, malaki, siguro'y kalahating pulgada hanggang tatlong-kapat ang lapad ng—ng diyometro, mula sa—sa dulo nun hanggang sa gulugod nung kawil. Tapos maglalagay sila ng munting bola ng tubig doon, na parang munting palamuti ng Christmas tree, at isang munting bola 'yun, at pupunuin nila 'yun ng tubig para pabigatin. At kukuha sila, nang literal, na libo-libo nun at ikakawil nila sa kanilang katawan, na sinasabitan 'yung laman. Sa pagpasok nila roon, naroon sa katawan nila, batak-batak 'yun, na sumasailalim sa pagpapahirap para lugurin ang kanilang diyos, na diyus-diyosan. Hindi sila mga ipokrito.

⁵³ Pagkatapos, maraming beses, inilalabas nila ang kanilang dila at naglalagay sila roon ng tulos na may tinidor dun, na pinalalagos nila sa kanilang dila at hanggang sa kanilang ilong at pagdudugtungin 'yun, kukuha ng panahing sinulid at susulsihin ang kanilang bibig na magsara kung sila'y. . .na nakapagsabi ng mga bagay na mali. At grabeng pagpapahirap!

⁵⁴ At pagkatapos mauupo roon sa tabi nung malaking hukay ng apoy. Papaslang sila ng kambing, para lugurin ang diyus-diyosan, para mag-alay ng buhay para sa kanilang mga kasalanan. At grabe kung marinig n'yo 'yung—'yung dagundong kapag pinatay na 'yung kambing. Ikinukumpisal nila ang kanilang mga kasalanan sa ibabaw nun at papatayin ang kambing, na inihahagis ang. . .kinukuha ang dugo bilang pambayad-sala.

⁵⁵ At pagkatapos kapag itong naglalakad-sa-apoy, kung siya'y matatakot at tatalilis doon sa apoy, nagdadala nga siya ng kahihyan sa kanyang sarili. Anupa't kinakailangan niyang lumakad nang mabagal at tuwid dun sa mga baga ng apoy. At kung minsan umaabot ng labinlimang talampakan ang lalim,

nung mga baga na 'yun ng apoy. At marahil labinlima marahil labinlimang talampakan ang lalim at marahil tatlumpung yarda o apatnapung yarda ang haba, at marahil, oh, nasa walo o sampung talampakan ang lapad. At namumuti ang mga 'yun sa init. At wala nga siyang suot-suot kundi tapi, na munting bahag na nakabalot nang paikot sa gitnang bahagi niya. At magtutungo siya roon, habang nakasabit ang lahat ng kung anu-ano na 'yun sa kanya, at dumudugo, at 'yung mga kawil na pangisda't lahat ay nasa buong katawan niya, halos mababaliw siya hanggang sa may puting mga laway na tumutulo mula sa bibig niya.

⁵⁶ At heto siya na dumarating, naglalakad dun sa apoy na 'yun, at makakalampas sa kabilang dulo, na di man lang naano, doon sa apoy, at marahil 'yung mga paa niya'y nalulusot nang *ganoong* kalalim (hanggang binti) doon sa apoy, dalawang talampakan o lampas pa sa paglalakad niya, na dumadapo 'yung namumula-sa-init na mga baga sa kanyang katawang-tao, habang naglalakad dun sa apoy na 'yun at makakarating dun sa kabilang dulo na di man lang naano. Maaari n'yong usisain ang kanyang mga paa, haya't wala maski galos o pasa man lang.

⁵⁷ At sa panonood ko nun, at napagbubulayan, kung ang isang pag-aalay sa isang paganong diyus-diyosan, sa pamamagitan ng dugo ng isang kambing, na may kalakip na pananampalataya roon ay makapagprotekt sa paganong 'yun mula sa apoy, ano pa kaya ang magagawa ng Dugo ni Jesus Cristo para sa mananampalataya sa isang buhay na Diyos?

⁵⁸ Ngayon, kakatwang bagay ang idolatriya. Sa pagtugaygay sa mga kapanahunan mayroon tayo nun, magmula pa noong . . . baka, panimula pa ng panahon. Ngayon, ang sistema para sa pagsambang ito sa diyus-diyosan ay 'yung tao'y maglalagay ng diyus-diyosan, isasaayos ang diyus-diyosan, pagkatapos papasok siya't ihahanda ang kanyang sarili para sa malaking pagsamba na ito. Ngayon, naniniwala siya na ang diyus-diyosang ito ay ginawa sa imahe ng kung sinong diyos na hindi niya kailanman . . . di pa kailanman nakita. Wala 'yung anyo, kaya naniniwala 'yung tao na nasa imahe ito nung diyus-diyosan na ginawa niya ukol sa diyos na ito.

⁵⁹ Ngayon, huwag n'yong mawaglit 'yan sa inyo! Ang "imahe" ay nasa larawan ng mitikal na diyus-diyosan na pinaniniwalaan niyang ganoon 'yun.

⁶⁰ Pagkatapos nagtutungo siya roon sa harap ng diyus-diyosang ito at nagpapatirapa siya, at naniniwala na ang diyos na hindi nakikitang persona ay bumababa sa diyus-diyosan na ito, at naniniwala siya na nakakausap niya ang diyos sa pamamagitan ng diyus-diyosan na ito, na ang diyos ay bumababa roon sa diyus-diyosan na ito at tinutugon siya. At marami sa inyo na mga guro rito na nag-aral ng mitolohiya . . . Na maging 'yung mga diyos na 'yun, sila'y nagdidigmaan sa isa't

isa, gaya ng sinasabi-sabi nila, at lahat na, noong mga panahon na 'yun.

⁶¹ Ngayon, sa madaling salita, hinihipnotismo ng diyus-diyosan ang sarili nito mula sa kanyang sobrenatural na katayuan, patungo sa diyus-diyosan na ito, at tumutugon sa mananamba sa pamamagitan ng diyus-diyosan na ito. At ang mananamba, sa kung anong naiipon na naiipon na emosyon, ay naniniwala na ang diyus-diyosan na 'yun ay nangungusap sa kanya, sa kanyang puso, at pinatatawad nito ang mga pagkakasala niya't kung anu-ano pa, sa pamamagitan ng diyus-diyosan na ito, na tahasang ipinapakita na ito'y diyablo. Ang diyablo ang may bunsod nito.

⁶² At di nila ginagawa ang mga bagay-bagay nang padalos-dalos lang; may iba na ganoon, pero may ilang tunay na totoong mananamba ng mga bagay na ganoon. Halimbawa na lang, maikukuwento ko nga sa inyo kung papaanong ang mga diyablo sa mga diyus-diyosan na 'yun ay nakakapagpamalal ng lahat ng uri ng mga bagay, nakakapagpalabas ng dugo mula sa mga bagay-bagay, at lahat na. Sila—sila—sila'y mga diyablo!

⁶³ At kung di kayo naniniwala sa isang...na totoong may diyablo, hindi ka naniniwala na may Diyos. Tunay, kinakailangan na paniwalaan n'yo na may kasalungat, ang bida at kontrabida. Kaya may isang totoong diyablo, at siya'y isang persona. Hindi isang *kaisipan*, siya'y isang *persona*.

⁶⁴ Ngayon, may turo na ganito ang sinasabi, "Ang diyablo'y isa lang—isang masamang pag-iisip na nakukuha mo." Hindi, hindi, hindi ganoon. Ang diyablo'y isang persona.

⁶⁵ Ang siya ring mga tao na 'yun ay naniniwala na "Ang Espiritu Santo ay isa lang—isang mabuting pag-iisip na nakukuha mo." Pero huwag n'yong paniwalaan 'yan. Ang Espiritu Santo ay isang Persona, Ito ang Persona ni Cristo sa anyong Espiritu.

⁶⁶ Ngayon, ang mga sumasambang ito sa diyus-diyosan...At ihanda n'yo ang Mga Kasulatan n'yo o ang mga dako para sa Mga Kasulatan n'yo. Ako—ako marahil ay babaling sa ilan nito maya-maya, sa Mga Kasulatan, marahil babasa tayo ng ilan. Ngayon, ang mga sumasambang ito sa diyus-diyosan, na nagpapatirapa sa harap ng diyus-diyosan, ay naniniwala na ang diyos na kanilang sinasamba ay nirerepresenta sa diyus-diyosan na ito. Ngayon, nakuha n'yo ba 'yun, na ang mananamba ay hindi isang ipokrito? Siya'y aktuwal na nanghahawakan sa bagay na 'yun na nasa diyus-diyosan, dahil bumabalik 'yun sa kanya, may bagay siya na ginagawa; na nakukuha mula sa diyus-diyosan na 'yun, na isang mitikong diyos, hindi Yaong tunay.

⁶⁷ At maraming beses na ang diyablo ay dumadako sa mga bagay na ito. At ang diyablo ay dumadako sa mga pagtitipon

kung minsan at pinapanggap ang kanyang sarili na Diyos. Nakakita na ako ng ganito sa pagmiministeryo ko.

⁶⁸ Ngayon, alalahanin n'yo, isa lamang itong...nagtuturo lamang tayo sa umagang ito. At nais kong ang iglesia na ito, kapag humayo na ako sa pagmiministeryo rito para humayo sa labas, nais kong manatili kayo sa inyong pastor at manatili sa Pagtuturo na itinuro rito. Manatili kayo sa Salitang ito, huwag na huwag n'yong iiwan Ito! Manatili kayo mismo sa Salita kahit ano pa ang dumating o umalis, manatili sa Salita na 'yun! Kita n'yo? Ngayon, at dahil lang sa humayo ako...Isa lang ako sa mga pastor rito. Itinuturo ni Kapatid na Neville ang siya ring bagay na itinuturo ko, kaya dumalo kayo sa panambahan at makinig sa Salita.

⁶⁹ Hindi ko alam kung saan Niya ako pangungunahan. Sinabi ko sa maybahay ko ngayong umaga sa hapag, "May bagay sa kaibuturan ko na umiiyak sa lahat ng nagdaang mga taon na ito, tutuklasin ko kung ano ito." Ngayon, hindi ko alam kung saang daan ako pangungunahan Nito, kung saan Ito tutungo, pero kung saan Niya ako pangunahan ako ay susunod.

⁷⁰ Ngayon, ang idolatriya, narito pa rin ito hanggang ngayon. Nalaman natin...May nakikita akong mga tao na dumudulog sa altar, at dala ang mga bulag na bukambibig ng mga bulag na tagapagturo, na sinasabi, "Maging bukas ka lang, kalimutan mo ang lahat, gawin mong blangko ang isip mo. Magiging isang—isang Elias ka. Magiging *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*." Isa ngang kasinungalingan! Hindi kayo dumudulog sa Diyos... Para iwang bukas ang inyong kaluluwa sa lahat ng sari-saring masasamang espiritu na makakapasok. Huwag n'yong gagawin 'yan. Alalahanin n'yo na may diyablo, at nagpapanggap siyang Cristo hanggang sa pinaka letra, mismo.

⁷¹ Binabasa ko noon ang *The Life of Saint Martin* medyo may katagalan na, kung saan may binatilyo roon, isa siyang monghe, at sinabi niya na tinawag daw siya ng Diyos para maging isa sa mga sinaunang propeta, "Makinig kayo sa akin, isa ako sa sinaunang mga propeta." At 'yung eskuwelahan...Si Martin, siyempre pa nga't, di siya makikinig sa bagay na tulad nun. Mangyari nga na di nila pinaniwalaan 'yun dahil 'yung buhay ng binatilyo'y hindi naman tumutugma-tugma rito. Sa huli'y ang sabi niya, "Patutunayan ko sa inyo na ako'y tinawag para maging isang sinaunang propeta. Kabataan lang ako," sabi, "pero tinawag ako."

⁷² Kita n'yo, "Ang mga kaloob at mga pagkatawag ay hindi nagbabago." Kita n'yo, lumihis sila mula sa Salita, at kapag lilihis kayo sa Salita haya't mapapadpad kayo sa kung anu-ano.

⁷³ At sabi ng binatang ito, "Ngayong gabi, mga bandang hatinggabi, bibigyan ako ng Diyos ng isang puting balabal, para maupo sa kalagitnaan n'yo na suot 'yun, para ipakita sa

inyo na ako'y isang sinaunang propeta." Kaya sila...nakinig silang lahat nung gabing 'yun, at bumubulong, "pumasok kayo," at galing sa paglalakbay ang mga tao. At 'yung binata'y nakatanggap ng isang puting balabal. Noong makaalis na ang bisita, pinuntahan nila't tiningnan 'yung balabal, haya't tunay, na totoong, puting balabal, na napakainam ng itsura.

⁷⁴ Pero, 'yung matandang obispo, hindi niya 'yun mapani-paniwalaan. Parang di tama, dahil, hindi 'yun nakabatay sa Kasulatan (isang puting balabal).

⁷⁵ At noong gawin niya, ang sabi nila, "Dalhin mo ang balabal na ito at tumayo ka sa harap ni San Martin, ang lingkod ng Diyos." At ayaw niyang gawin. Hindi niya magawang tumayo sa harap ng tunay na propetang 'yun. Ayaw niyang tumayo; at pinilit nila siya na gawin 'yun. At noong dadalhin na sana nila siya, naglaho 'yung balabal at napunta sa kung saan, hindi nila alam kung saan napunta. Kita n'yo, kapag dadalhin nga sa isang paghaharap!

⁷⁶ Kung may tunay nga kayong ginto haya't hindi kayo mag-aalala kung ito ba'y mainam o hindi, matitindigan nito ang anumang pagsubok saan pa man. At titindig ang tunay na Espiritu ng Diyos dahil ito'y sinubok sa Salita ng Diyos. "Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya."

⁷⁷ Nakakita na ako ng mga tao na nag-iisteriko, mabubuting tao. (Ngayon nakikita n'yo kung bakit ayaw kong ibenta ang—ang teyp na ito.) Nakakita na ako ng mabubuting tao, ang mga Pentecostal, mga pastor na hindi nakakaunawa, haya't nag-iisteriko ang mga taong ito at nawawalan ng ulirat, at lahat na ng gaya nun, at—at gumagawa ng mga bagay-bagay, at sa huli'y dinadala na lang ang mga taong ito sa institusyon ng mga baliw. Mangyari na binubuksan nila ang puso nila, mga inosenteng tao, at ang mga diyablo'y pumapasok nga roon at humahalili. Talagang may tunay na diyablo!

⁷⁸ Binabasa ko rito kung saan may lumapit kay... Sa palagay ko kay Ireneo 'yun o kay Martin, isa sa kanila, (may mga mag-aaral ng Biblia na mas maalam pagdating dito kaysa sa akin), may gintong korona siya sa kanyang ulunan, nakasuot ng puting balabal, 'yung mga panyapak ay nakakalupkupan ng ginto, at ang sabi, "Ako ang Cristo, ipahayag mo na Ako nga!" Hindi nga 'yun gagawin ng isang banal. Tumayo lang doon ang tunay na propeta ng Diyos, naghintay. At sinabi nila nang makadalawa o makatatlong beses sa kanya, "Ako ang Cristo, ipahayag mo na Ako nga!"

Sabi niya, "Hindi ganyan ang dating ng aming Cristo."

⁷⁹ Siyanga, kinakailangan mong mapagkilala ang Salita! Manatili ka sa Salita! Kita n'yo, ang malaking pakikibaka'y napipinto na. Ngayon, nagkukunwa-kunwari tayong iglesya nang mga taon at maraming mga taon na, pero dumating

na ang oras ngayon na sina Jambres at Janes ay lalaban kay Moises gaya ng sinabi ng Biblia na gagawin nila. At ito'y magiging espirituwal na pakikibaka, tunggalian. May ilan na magpapatuloy, magtutuluy-tuloy ang makadenominasyong iglesya sa pagiging dominasyon at magtutuluy-tuloy sa daan na tinatahak nito. Pero ang tinutukoy ko rito'y ang tunay na totoong mananampalataya ay pupunta sa dako na 'yun ng labanan, at marapat na kayo'y maalam at alam mismo ang inyong ginagawa, o madali kayong makasasagap ng masamang espiritu at di 'yun namamalayan. Kung 'yun ay kontra sa Salitang ito, huwag n'yo itong sampalatayanan! Manatili kayo sa Salitang 'yun!

⁸⁰ Idolatriya, matanda na ang idolatriya, matanda na ang idolatriya rito sa Estados Unidos. At maraming mga taon ang nagdaan, ang mga Pueblo Indian, at doon sa Arizona, mayroon na silang pagsamba sa diyus-diyosan. At, mangyari nga, sila'y—sila'y may diyos-ng-ulan. At 'yung diyos-ng-ulan ay. . . kamukha ng isang—isang pagong-putik, at gumawa sila ng imahe nung pagong-putik. At nilagyan nila 'yun ng mga batik-batik na para bang nanggaling ito sa putikan. At lumuluhod-luhod sila sa harap ng pagong-putik na ito, na naniniwalang may diyos-ng-ulan na bumaba sa umbok ng pagong-putik na ito at nangusap daw sa kanila sa pamamagitan ng pagong-putik na ito. Dahil naniwala sila na ang. . . naninirahan siya sa putikan at halumigmig, at siya'y diyos sa ibabaw nito. Mayroon silang. . . isa 'yung mitolohiya, isang—isang gawa-gawang paniniwala na totoo raw.

⁸¹ Ngayon, at sinasamba nila ang mga diyablo sa ginagawa nilang 'yan. Sumasamba sa isang pagong-putik, habang iniisip na diyos-ng-ulan 'yun, dala-dala nila sa kanilang sarili ang espiritu, hayan nga, dahil binuksan nila ang kanilang mga puso rito. Pero maling espiritu 'yun!

⁸² Napakaraming tao ngayon ang binubuksan ang kanilang mga puso sa maling bagay! Makasasagap at makasasagap ka talaga ng espiritu, pero malamang sa malamang ay kumukontra ito sa Salita, na sinasabi, “Lipas na ang mga araw ng himala! Wala nang ganyang bagay na *ganito* o *ganoon*.” Alalahanin n'yo, 'yan ay diyablo na nagpapanggap na Cristianismo. Tulungan nawa tayo ng Diyos sa pagdako natin dito sa ilang saglit, na makita n'yo ito, kita n'yo, na ito'y isang masamang espiritu na nagpapanggap na Cristianismo. Pero hindi ito Espiritu ni Cristo, dahil ang Espiritu ni Cristo ay dumadako sa Salita sa tuwina. Hinding-hindi Niya itatangi ang Kanyang Sariling Salita.

⁸³ Ngayon, noong dumating ang Cristianismo sa Roma, Roma, sa mismong siyudad ng Roma, mayroon sila roong apatnaraan na paganong templo sa loob ng pitong-milyang pader. Apatnaraang paganong templo, at ang mga 'yun ay ukol sa mga diyos at mga diyosa. *Mga diyos at mga diyosa*, “mga babae't mga lalaki.” Mga diyos, apatnaraan na iba't iba. Isipin n'yo 'yun, apatnaraan!

⁸⁴ Ngayon, 'yun 'yung naabutan ni Pablo noong pumunta siya ng Roma. Yun 'yung naabutan nina Aquila at Priscila noong humayo sila mula Pentecostes at nagtatag ng isang iglesya sa Roma; ganoon 'yung naabutan nila, paganong pagsamba sa mga diyus-diyosan. Nasa dalawang milyon ang tao sa Roma, sa kalakhang Roma; kabilang dun, ang mga alipin, at ang mga pamayanan sa labas, at iba pa, mga nasa dalawang milyong katao. Pero ang mga pader na nakapalibot sa Roma ay pitong milya. At sa loob ng pitong milya na 'yun, sa mismong paanan ng bundok, ay apatnaraang paganong templo, ukol sa mga paganong diyos at mga diyosa.

⁸⁵ Ngayon, nais kong mangusap dito pansumandali ukol sa isang bagay na hinango ko mula sa mga kasaysayan, at narito ang isa sa akin. Yung paraan ng pagpasok nila sa pagsamba, paano sila pumapasok sa pagsamba? Paano ba dumudulog sa pagsamba ang isang pagano? Ang unang bagay na ginagawa niya ay magtungo sa templo at hanapin ang saserdote, ang paganong saserdote. Pagkatapos bibigyan niya ito ng handog na ganoon karaming salapi, at pagkatapos isang alay, isang hayop, para luringin ang diyos na kanyang dudulugan.

⁸⁶ At kung minsan, sa isang templo, mayroong higit sa isang uri ng diyos. Maaaring mayroong “mga diyos, mga diyosa,” at lahat na, sa isang templo.

⁸⁷ Mangyari nga na ang paganong saserdote. . . Pupunta siya sa kanya at bibigyan siya ng salapi, at bibigyan siya ng paganong saserdote ng isang kandila, isang regular na kandilang gawa sa taba. At pagkatapos kunin ng mananamba ang kandilang ito, matapos na bayaran niya ang saserdote't, makuha ang kandilang ito haya't pupunta roon sa isang partikular na dambana ng diyos na ito na nais niyang kausapin. At sa dambana na ito'y may apoy, kung saan sinusunog ang mga alay. At sa paanan nung rebulto, 'yung malaking tansong templo, o—o rebulto, at dadalhin niya itong temp-. . . itong kandila at sisindihan mula sa apoy ng dambana, sa apoy ng dambana ng diyus-diyosan, sisindihan niya ang kandila at magtutungo sa paanan ng—ng dambana sa harap ng—ng diyus-diyosan, at ititirik ang kandila na ito. At pagkatapos na maitirik niya ang kandila . . .

⁸⁸ Sa palagay ko ito'y para ang isang partikular na diyos sa kalipunan ng ibang diyos ay malaman kung kaninong rebulto ang dinudulugan nung tao, alam n'yo, para bumaling at makipag-usap sa kanya. Kung bakit kandila, hindi ko po alam. Pero nagtitirik siya ng kandila, sisindihan ang mga apoy ng dambana.

⁸⁹ At pagkatapos babalik siya roon sa sahig ng tabernakulo, at doon ay magpapatirapa siya sa lapag. At doon ay ibubuhos niya ang buong kaluluwa niya, buong lakas niya sa kanyang pananalangin, at mananalangin sa dakilang diyos na ito na

itinuturing, isang gawa-gawang paniniwala, isang mitikal na diyos, mananalangin sa diyos na ito na bumababa raw sa imahe na 'yun at kausapin siya.

⁹⁰ Ang sabi-sabi nga'y "Isa sa mga emperador ay kayang magpatirapa sa harapan ng imahe ni Apolo na magbubunsod na aktuwal daw niyang marinig ang mga tinig na nanggagaling sa temp- . . . mula sa—mula sa rebulto, na kinakausap siya pabalik." Sa kanyang pagpapatirapa!

⁹¹ Marahil sasabihin n'yo sa puntong ito, "Kapatid na Branham, may narinig ba siyang tinig?" Hindi ako nagdududa na may narinig nga siya, pero tinig 'yun ng isang diyablo. Wala kasing ganoon na Jupiter, na isang diyos, at lahat ng iba pang diyos na ito na mayroon sila.

⁹² Pero sila'y nagpapatirapa, at nakahandusay sila roon at sumasamba, sinasamba itong misteryosong diyos na ito na wala silang kaalam-alam tungkol dito, habang ang espiritu nito ay naroon sa diyus-diyosan na iniisip nilang kamukha nito. Mayroon silang imahe nito, at 'yun ang nagpapalugod sa kanya.

⁹³ Pagkatapos mag-aalay sila. Pagkatapos kapag nilukuban na siya ng emosyon na ito, magtutungo siya uli sa harapan ng diyus-diyosan at sa pagkakataong ito ang paganong saserdote ay may dala na para sa kanya na kaunting—kaunting makakain at maiinom, at ilalagay 'yun sa paanan ng diyus-diyosan. At pagkatapos . . . (Ngayon, ako'y . . . naisulat ko 'yun dito sa pahina, binabasa ko mula rito. Kita n'yo?) At magtutungo siya roon sa paanan ng diyus-diyosang ito, at kukuha ng kaunti sa alay na maiinom na ito at hihigop dun, at ngunguya ng kaunting pagkain, at pagkatapos ibubuhos 'yun sa paanan ng diyus-diyosan.

⁹⁴ Ano 'yung ginagawa niya? Nakikipagkomunyon sa mga diyablo; nakikipagkomunyon sa mga diyablo, mga diyos at mga diyosa. Isa—isa itong tipo na naglalarawan ng Cristianong pakikipagkomunyon kasama si Cristo, kumakain ng komunyon. Ganoong uri ang naabutan ng unang iglesya o ng unang mga dayo ng Ebanghelyo (na nagpunta sa Roma) ganoon ang naabutan nila, na naroon sa mga taong ito ang ganoong uri ng pagsamba.

⁹⁵ Si Baal ang pinaka bantog na diyos ng lahat ng kapanahunan, sa mga diyus-diyosan, si Baal nga (B, dalawang a, l), siya'y diyos-na-araw. At pagkatapos mayroon siyang isang—isang asawa, ang diyos-ng-buwan, diyosa, si Ishtar, I-s-h-t-a-r, Ishtar. At binibigkas din ito bilang, A-s-t-a-r-t-e, "Astarte." Nasa Romanong barya 'yun. Tinatawag siyang diyosa, diyosang-buwan, o "reyna ng kalangitan, ina ng mga diyos," ang diyos-ng-buwan. At ang diyos-ng-araw ay si Baalim.

⁹⁶ Buweno, halos lahat ng mga pagano'y sumasamba sa araw na 'yun. Maging ang mga Indian ay ginagawa ang siya ring bagay

noong—noong dumating tayo, noong matagpuan ang Amerika rito, noong matagpuan ang Amerika. Dumating, pagdating dito ng mga ninuno, nasumpungan nila na sumasamba pa rin sila sa—sa araw. Dahil, dito, sila’y sumasamba.

⁹⁷ Sa ganoong paraan sila sumasamba sa mga diyos at diyosa ng Roma, noong dumating ang Cristiano sa Roma.

⁹⁸ Ngayon, sa paglalakbay ko, napansin ko na ang idolatriya ay di nagbago. At maging ang tunay na Cristianismo’y di nagbago. Kapwa silang mananatili, at patuloy na maging ganoon hanggang sa Pagparito ng Panginoong Jesus. Sa bagay na ito ay nais kong mangusap nang kaunti, para makakuha kayo ng ideya tungkol dito, at kung kayo’y espirituwal ay tunay nga na masasalo n’yo ito.

⁹⁹ Mangyari nga na si Baal ang diyos-na-araw, buweno, ’yung mga masa ng tinapay na ginagawa. . . At sinabi rito ni Jeremias, ipinangusap natin ’yun kani-kanina lang, na ’yung mga kababaihan ay gumagawa ng mga masa para kay Baal, ang diyos-na-araw. Hayan nga, na masusumpungan n’yo kaunti pa, sa ibaba ng kabanata, kung binasa n’yo ito, na ang sabi nila, “Kung di namin sasambahin si Baal hayan nga ang mga pananim namin ay babagsak, dahil si Baal ang diyos ng pagyabong.” Sa madaling salita, “Alam namin na ang araw ang nagpapatubo sa mga pananim.”

¹⁰⁰ Pero sinabi sa kanila ng propeta, “Ang dahilan nun ay dahil tinalikuran n’yo ang Diyos, ’yan ang dahilan kung bakit hindi tumutubo ang mga pananim n’yo.”

¹⁰¹ Pero sinamba nila si Baal, na ang sabi’y sila’y “Sasamba, mag-aalay ng hain sa kanya.”

¹⁰² Ngayon, kung si Baal ay isang bilog na diyos. . . (Ngayon, kunin n’yo ito, salita sa salita, at makukuha n’yo ang iba pa, ang dulo ng Mensaheng ito.) . . . diyos ay bilog na diyos, isang diyos-na-araw, na may malalaki silang tansong lamina na pinapaaninag ang araw at nagmumukhang apoy. At pagkatapos ang tinapay na nabanggit dito ni Jeremias na kanilang. . . naghuhurno ang mga kababaihan ng mga tinapay na ito para kay Baal, hinuhugisan ang mga ’yun na parang araw. Buweno, pagkatapos, ilalagap ’yun sa ibabaw ng dambana, sa dambanang pagano, para sa komunyong, at ginawang bilog na parang araw o parang buwan, dahil ’yun ay diyos-na-araw o diyos-na-buwan.

¹⁰³ Yung. . . Si Baalim ay, gaya ng nabanggit natin, “Ay ang diyos ng buong pagyabong, pinayayabong niya ang lahat ng bagay.”

¹⁰⁴ Ngayon, kinaharap ito ng sinaunang iglesya noong dumating sila sa Roma. At sinasabi at pinaniniwalaan pa rin ’yun ng iglesyang Romano, o ng iglesya sa panahon ngayon, o ng iglesyang Romano Katoliko, na tinatawag na “Katoliko. . .”

¹⁰⁵ Lahat tayo'y *katoliko*. Tayo ang Iglesyang katoliko, tayo ang apostolikong katoliko. Ang ibig sabihin ng *katoliko* ay “unibersal.” At tayo ang unibersal na Iglesya ng apostolikong Pananampalataya. Siyanga, po. May pagkakaiba sa dalawang iglesya na ito; ang isa rito ay katoliko, unibersal, *apostoliko*; ang isa naman ay *Romano* Katoliko.

¹⁰⁶ At sinasabi na si Pedro...o pinaniniwalaan nila, na si Pedro raw ang nagtatag ng iglesyang Romano. Nais ko ng Kasulatan, nais ko 'yung dako na sinasabi n'yo na si Pedro ay nakarating man lang sa Roma sa kung anumang kadahilanan. Gaya ng sinabi ng iglesyang Romano na, “Siya'y naroon mula 41 hanggang 46.”

¹⁰⁷ At, sa kasabay na panahong 'yun, si Claudio ang emperador sa Roma, na pinaalis nga ang lahat ng mga Judio roon. Basahin n'yo ang Mga Gawa, ang ika-18 kabanata, at makikita n'yo roon si Pablo, noong magtungo siya sa Efeso, nasalubong niya sina Aquila at Priscila, na kung tutuusin ay mga Judio, at pinalabas sila noong panahon na ito ng pag-uusig, at napunta sila sa Palestina uli dahil ipinag-utos ni Claudio na ang lahat ng mga Judio'y umalis, kapwa Cristiano at orthodox. Sina Aquila at Priscila ang nagtatag ng iglesya sa Roma, at kinailangan nilang umalis doon dahil sa pamumuno ni Claudio, na pinalalayas ang lahat ng iglesya...o ang mga Cristiano at lahat ng mga Judio palabas ng Roma.

¹⁰⁸ Noong panahon, “Si Pedro ang obispo ng iglesya,” at makakapagpakita ako sa inyo ng Kasulatan, na tutugaygay ng halos pitumpung taon, na si Pedro'y di kailanman umalis ng Palestina. Nasa Kasulatan mismo! At sasabihin n'yo na “Si Pedro'y pinatay sa Roma, at si Pablo'y pinugutan ng ulo sa Roma.” Dogma 'yan. Nabasa ko na ang lahat ng salaysay ukol sa mga martir na mahahanap ko, at wala ni isa sa mga 'yun ang nagsasaad ng anuman tungkol kay Pedro o Pablo (alinman sa kanila) ang pinatay sa Roma. Batay sa pinaka sinaunang salaysay ukol sa mga martir na mababasa natin, wala ni isa sa mga 'yan ang nagsasabi ng anuman tungkol dito. Wala nga siya roon! Isa itong dogma.

¹⁰⁹ Narito ako para ilantad ang paganismo, kaya gagawin natin—gagawin natin 'yan sa tulong ng Panginoon at ng Kanyang Salita, kita n'yo, ipapakita mismo ang kalagayan ng iglesya. Sinisigaw n'yo ang tungkol sa “Katoliko!” pero maghintay lang kayo pansumandali.

¹¹⁰ Ngayon, ngayon, nasumpungan natin na matapos na sina Aquila at Priscila (batay sa Kasulatan) ay pinaalis ng Roma, ang munting iglesya'y naiwang ulila, lahat ng naiwan roon ay mga pinagbagong-loob na mga pagano na sumali-sali sa Romano Katolikong iglesya, ang sinaunang iglesya na itinatag ni Aquila

at Priscila at ng dalawa pa na nagtatag sa iglesyang ito at kumakandili rito.

¹¹¹ Pagkatapos nga'y nasumpungan natin, noong pagkaalis na pagkaalis nila, na sila'y naglagay na ng sarili nilang mga obispo at nagkaroon ng sariling doktrina, at pagkatapos kinuha nila ang . . . para makasumpong ng kaluguran sa emperador, kina Constantino at sa iba pa na sumunod, para makasumpong ng kaluguran, dahil kinailangan nilang makakuha ng mga miyembro na tatayo sa pampulitikang katayuan ng bansa. Nagpasok sila ng mga miyembro ng iglesya, at pinapasok sila sa batayang ("ganap") na pamamanata lang, na walang gaanong nalalaman patungkol sa Diyos katulad sa mga tao rito sa Amerika sa panahon ngayon; pagsasabi lang, na isang malaking pagsasabi lang para sa kanila na ipanata si Cristo, na isa ring Diyos maliban pa sa kanilang sariling diyos. At doon ay kinuha nila, na maipasok sa konstitusyon ng iglesya, ang mga paganong seremonya.

¹¹² Ngayon, ang Romanong pari, pagkatapos nga'y itinuloy nila ito sa pamamagitan ng pagsasagawa't pagpapanukala ng komunyong. Ang unang bagay na ginawa ay pagpapanukala ng komunyong. Sa halip na pira-pirasong tinapay na gaya ng Katawan ni Cristo, ginawa nila 'yung *bilog* na parang araw o parang buwan. At mapasa hanggang ngayon ay bilog pa rin! Ganoon nga. Bilog na manipis na tinapay pa rin, at hindi pira-pirasong bahagi ng Kanyang Katawan. Bilog at makinis. Inilalagap ng mga Romanong pari ang bilog na manipis na tinapay na ito sa altar at tinatawag itong "Ang literal na Katawan ni Cristo."

¹¹³ Ngayon, may malaking pagdistansya sa pagitan ng ilan sa matataas na Episcopalian na ito, at iba pa. At ang iglesyang Katoliko ay naroon sa paksang 'yun, na kung 'yun ba'y *literal* na Katawan o *nirerepresenta* nito ang Katawan. Sinasabi ng Romano Katoliko na "ito'y literal na Katawan," dahil noon ay literal na katawan 'yun ni Baal (ang diyos-na-araw) na pinapaaninag ang sarili nito sa piraso ng tanso at ginawa nila 'yun na bilog. Walang Cristianong hapag na may bilog na tinapay sa ibabaw nito!

¹¹⁴ Tapos kinaugalian nilang humarap sa silangan, at kung ano pa, gaya ng ginagawa noon sa paganong pagsamba; at magpapapasok ng kababaihan, at kung ano pa, gaya ng lagi nilang ginagawa, gaya ng ginagawa ng mga pagano ukol sa mga diyosa, at kung ano pa. Ngayon inalis nga nila si Astarte at inilagay naman si Maria, ginawa siyang reyna ng langit. Inalis nila si Jupiter at si Pedro naman ang ipinalit. At kinailangan nilang gumawa ng dogma, at para masagawa 'yung kinailangan nilang . . .

¹¹⁵ Noong bumalik sina Aquila at Priscila, matapos ang labing-

tatlong taon ng paghahari ni Claudio, mangyari nga na nung pagbalik nila ay nasumpungan nila ang kanilang iglesya na ganap nang nalulong sa idolatriya, pero lumaki nang husto't, lumaki mismo.

¹¹⁶ Para maipasok 'yun, tunay nga na kanilang ganap na initsa-puwera ang Biblia. Ngayon, isa po akong Irlandes, mayroon ako nitong tinatawag nilang *Facts Of Our Faith* na pari lang ang mayroon, at kung ano pa. At alam ko ito, sa pamamagitan ng mga pakikipanayam sa mga pari, ang pari nga'y di makikipagtalos sa inyo sa Biblia, ang Biblia kasi'y isa lang sa mga libro para sa kanya. Mangyari nga noon dito'y sinabi ni Obispo Sheen, dito mga dalawang taon na ang nakararaan, na "Sinumang susubok na sampalatayanan ang Biblia, ay para siyang lumulusong sa maputik na tubigan." Hindi nila Yun pinaniniwalaan! Nagsimula sila sa ganoon at nagdeklara na sila, "Ang Diyos ay nasa Kanyang iglesya, hindi sa Kanyang Salita."

¹¹⁷ Itong pari na ito sa daan, na pumaroon para sa pakikipanayam nito-nito lang, dito sa may Sacred Heart, sinabi niya sa akin...o dito sa may simbahan sa may kalsada rito, nakalimutan ko lang kung ano 'yun. Sa palagay ko Sacred Heart ang tawag nun. Pumunta siya sa akin ukol sa pagbabautismo, ni Mary Elizabeth Frazier na lumaon ay tumalikod at naging isang Katoliko. Sabi niya, "Binautismuhan mo ba siya?"

Sabi ko, "Oo."

Sabi, "Sa papaano mo siya binautismuhan?"

Sabi ko, "Sa Cristianong bautismo."

Sabi niya, "Anong ibig mong sabihin?"

Sabi ko, "May nag-iisang Cristianong bautismo lang."

Sabi niya, "Anong ibig mong sabihin, sa paglulubog ba?"

Sabi ko, "Oo, ginoo."

¹¹⁸ Ang sabi niya, "Kung ganoon inilubog mo ba siya sa pangalan ng 'Ama, Anak, at Espiritu Santo?'"

¹¹⁹ Sabi ko, "Hindi 'yan ang Cristianong bautismo." Sabi ko, "Ang Cristianong bautismo ay paglulubog sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo."

¹²⁰ Naghamon siya. Sabi niya, "Makakapanumpa ka rin ba rito, hayan nga, o sa deklarasyon na ito sa obispo?"

¹²¹ Sabi ko, "Kung di niya mapaniwalaan ang salita ko, hayaan na lang siya na wala nito." Sabi ko, "Hindi ako nanunumpa sa kung ano man." Kita n'yo? Tapos sabi niya...Tapos sabi ko, "Hindi naman sa pagmamalaki, ginoo, pero alam kong sinabi ng Biblia, 'Huwag manumpa sa kalangitan o sa lupa, dahil ito'y tuntungan ng Kanyang paa,' at kung ano pa. Hindi dapat natin ginagawa 'yan."

¹²² Sabi niya, “Kakatwa, ang iglesyang Katoliko ay nagbabautismo ng ganyan dati.”

Sabi ko, “Kailan? Kailan?” Kita n’yo? Pero sinasabi nila ganoon daw ang ginagawa nila noon.

¹²³ Dahil, sa totoo lang, sila, at tayong lahat ay iisa sa pasimula, at ito . . . ang pinagmulan—pinagmulan ay galing sa Pentecostes. Yun ang pasimula ng unang iglesya na saan mang dako, sino man ay ’yun ang sasabihin. Nagsimula ang iglesyang Cristiano sa Pentecostes, kalakip ang isang pentecostal na karanasan, pentecostal na mga tao, pentecostal na bautismo. Ang lahat ay galing sa orihinal na iglesya ng Pentecostes.

¹²⁴ Ngayon, pansinin. Ngayon, nalaman natin na kinailangan nilang lumayo sa katuruan ng Biblia nang sa gayon ang mga bagay na ito’y malugod ang mga emperador at iba pa, para maipasok ang mga pagano.

¹²⁵ Ngayon, tingnan n’yo. Si Pedro ay isang Judio. Tama ba? Maiisip n’yo ba si San Pedro na sinusunod ang ideya ng paglalagay ng mga diyus-diyosan sa loob ng isang simbahan, isang Judio na pinagbabawalan nga na tumingin man lang sa isang diyus-diyosan? Maiisip n’yo ba siya na gumagawa ng bagay na tulad nun? Hindi nga si Pedro! Maiisip n’yo ba siya na sasabihin, “Lahat ng mga isinulat ko noon sa simula ay pawang mga mali lahat, iwawaksi ko na lang ang mga ito. Mabubuhay na lang ako bilang isang espiritu sa iglesyang Romano na ito, at susundin ko ang . . .”?

¹²⁶ Buweno, ibang-ibang tao na siya kapag ganoon. Kaya naman, para magawa ’yun, kinailangan nilang magpasimula ng dogma na “si Pedro’y inilibing sa loob ng simbahang ’yun at nag-iwan nitong lahat na mga Utos sa kanila, at sila raw ang orihinal na iglesyang Katoliko.” Hindi sila! Walang Kasulatan, walang kasaysayan ni anuman ang magpapatunay nito; wala maski isang bagay. Hindi sila.

¹²⁷ At ang paganong pari na ’yun ng unang iglesyang Romano ay eksaktong katulad nitong isa sa panahon ngayon. Naniniwala sila na ang tinapay ay katawan ni Cristo, na sa kung anong paraan ay bumababa raw si Cristo’t lumulukob dun sa kapirasong tinapay na nakahain sa altar (na tatangayin pa nga ng mga daga sa gabi). Kita n’yo? Naniniwalang . . . At ’yan ang dahilan kung bakit naniniwala ang Katoliko na kinakailangan mong magtungo ng simbahan para sumamba, dahil “ang Diyos ay nasa iglesya na ’yun.” Yan ang dahilan kung bakit yumuyuko sila’t nagkrukrus, sa paligid ng simbahan, dahil “Ang kapirasong tinapay na ’yun ay ang Diyos.” Wala ngang anuman ’yun kundi representasyon ng isang Baalim na diyos-naraw, walang Kasulatan para dun ano’t anuman! Oo, sa bilog na manipis na tinapay na ’yun na nakahain sa altar.

128 Ngayon, kaya naman, hindi nila tinanggap ang Cristianong katuruan na . . . nina Ireneo, Polycarpo, at sila na mga naunang kapatid, si Pablo. Nasumpungan natin, ang pinaka matandang alagad na . . . nabuhay nang pinaka matagal, ay si Juan. Pinatapon siya nang tatlong taon, doon sa Patmos, dahil mayroon siyang paaralan. Pinapadala niya't inihahanda ang Salita ng Diyos, pinaglalakip Ito, ang Mga Sulat na mapagsama-sama. Natuklasan nila siya at ang mga iskolar niya na ginagawa ito, at kaya itinapon nila siya nang tatlong taon (matapos ang kamatayan ng emperador siya'y ibinalik), at pagkatapos isinulat niya ang Aklat ng Apocalipsis.

129 At kung pag-uusapan ang tungkol sa “Ang Diyos ba’y nasa Kanyang iglesya o ang Diyos ba’y nasa Kanyang Salita?” Sinasabi ng Biblia na ang Salita ay Diyos.

*Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa
Diyos, at ang Salita ay Diyos.*

*At nagkatawang-tao ang Salita, at tumahan sa gitna
natin, . . .*

130 Bukod mismo, na anumang katuruan sa alinmang simbahan, mapa-Baptist, Presbyterian, Methodist, Pentecostal, o anuman ito, na hindi mananatili nang letra por letra sa Bibliang ito, ay mali! Dahil sinabi ni Juan doon sa Pulo ng Patmos, ang Espiritu Santo, o si Cristo na nangungusap sa kanya’y, sinaysay ito, “Kung sinuman ang mag-alis ng anumang mula Rito o magdagdag ng anumang Dito . . .” Kaya papaano n’yong magagawa na idagdag itong mga paganong pagsamba sa diyus-diyosan na mga simbolo, na gumagawa ng tatlong diyos mula sa Isa, at lahat ng iba pang paganong mga gawain na hindi kailanman itinuro ng sinaunang iglesya at laban pa nga rito?

131 Ang Konseho ng Nicea, kung Siya nga ba’y tatlong sangkap o isang sangkap, pinaka malaking debate mismo, naroon’yung mga martir, ang ilan sa kanila’y may—may . . . Isang lalaki, ang—ang obispo, ang pentecostal na mga mangangaral, ng dahil sa pagpapatong ng mga kamay sa may sakit, dinikitan nila ng mainit na bakal ang kanyang mga bisig at hinaltak ang kanyang mga bisig palikod nang *paganito*. Yung iba, pinatayo, hayan nga’t naglabas sila ng isang tabak at dinukot ang mga mata, talagang grupo ng mga martir ang nanindigan sa Salitang ito! Hallelujah! Binubo nila ang kanilang dugo kasama ang mga propeta ng sinaunang panahon. Ang Salitang ito, kapatid, Ito’y Salita ng Diyos.

132 Noong maakay ang mga pagano na ito, dinala nila ang mga simbolong ito papasok ng sangka-Cristianuhan. Hindi nila magamit-gamit ang Biblia, dahil ibinubunyang ito ng Biblia. At masasabi nila sa inyo ngayon mismo na hindi nila kailangang . . . hindi sila naniniwala Roon. Sinasabi nila, “Ayos lang naman’y yan, pero ang iglesya ang sukdulang Salita.”

¹³³ Buweno, masusumpungan natin ang siya ring bagay sa Pentecostal. Huwag n'yong ipagsigawan lang ang "Katoliko," samantalang tayo'y kasing salarin din, ang Methodist, Baptist, at bawat isa sa kanila.

¹³⁴ Kayo na mga Methodist, na kay babanal, bakit n'yo pinatay si Joseph Smith kung ganoon? Amerika ito at may karapatan rito na sumamba. Hindi ako naniniwala sa sinasabi ni Joseph Smith, pero wala kayong karapatan na patayin siya, siyanga, na Mormon.

¹³⁵ Kayo na mga Baptist, gaanong karami ang pinagtatakpan n'yo? Ang ilan pa sa inyo?

¹³⁶ At ang Pentecostal, ay kasing may sala rin gaya ng iba pa sa kanila, na naging mapagmalaki't sanbunton ng mapagpaimbabaw. At sa halip na kababaan at kapangyarihan ng Espiritu, kamit n'yo ang Salita na wala ang Espiritu. At mas nakadudulot kayo ng pinsala kaysa sa magagawa n'yo kung kayo'y kagaya ng iba pa sa kanila. Nanumbalik sila sa kanilang paganong mga seremonya kalakip itong lahat ng uri ng trinitarian na mga hinuha, at lahat ng iba pang mga bagay na ito, na hindi n'yo mapatunayan sa pamamagitan ng Salita. Taliwas ang Salita rito. Grabeng kahabag-habag, grabeng kahabag-habag!

¹³⁷ Kaya noong buuin nila ang unang iglesya ng Roma, ang Cristianismo, kinailangan nilang isawalang-bahala ang Biblia; at para masunod ang mga seremonya na ito, para magawa 'yun, kailangan nilang magkaroon ng kung anong uri ng kuwentong pangsupta, kaya ang sabi nila, "Si Pedro ang unang papa ng Roma. At nanatili pa rin siyang ganoon," ang sabi nila. Buweno, sabihin na lang natin na ganoon nga, si Pedro ba'y aatras sa Mga Salita noong Pentecostes? Makikinita n'yo ba ang isang Judio na magtatayo ng mga diyus-diyosan?

¹³⁸ At samantalang mapapatunayan ko sa inyo sa pamamagitan ng nasusulat na Salita mula sa Biblia, nang eksakto sa mga araw at mga taon, na si Pedro'y di kailanman umalis ng Palestina liban sa isang beses (at nagtungo sa Babilonia sa may Eufrates), kailanman ay hindi siya pumunta ng Roma, sa pamamagitan ng Mga Kasulatan, **GANITO ANG SABI NG PANGINOON!** Ang lahat ng 'yan ay paganong hinuha.

Ngayon dalhin naman natin sa Protestantismo.

¹³⁹ Tingnan n'yo ang Pentecostal, na di man lang pinaninindigan ang Salita. Manatili kayo sa Salita na 'yan at sa tuwina'y tama kayo; lumayo kayo sa Salita na 'yan, at kung saan-saan kayo mapapadpad.

¹⁴⁰ Dito may katagalan na doon sa isang malaking pagtitipon kasama ang isang malaking Pentecostal na eskuwelahan, may biglang napalundag na babae, nagsalita sa iba't ibang wika, at inabala ang pagtawag sa pagdulog sa altar. At nung gabi na

'yun noong bumalik ako, sinalubong ako ni Billy roon, sabi niya, "Alam mo ba kung ano? Ang sabi nung babae mayroon daw uli siyang mensahe na mamayang gabi ay ibibigay niya."

¹⁴¹ At tumingin ako dun sa babae (putol ang buhok, hapit na hapit ang damit na parang pinagsiksikan ang katawan niya roon, nakaupo roon na inaayos ang kanyang buhok, hila-hila ang mga stockings niya), alam ko na nagbabadya na naman siyang lumundag. At lumundag siya, at sabi ko, "Maupo ka." Sige pa rin siya. Sabi ko, "Naririnig mo ba ako? Maupo ka!" Oh, naku.

¹⁴² Noong bumaba na ako nung gabing 'yun, may apat o limang lalaki ang nakipagkita sa akin kasama ang babaeng 'yun, sabi, "Pinighati mo ang Espiritu."

¹⁴³ Sabi ko, "Anumang espiritu na pinighati ko sa pamamagitan ng Salita ng Diyos ay dapat lamang mapighati." Sabi ko, "Hindi ba't sinasabi ng Biblia na ang espiritu ng mga propeta ay sumasailalim sa propeta? Kung ang babae'y nagpapatotoo, kung ganoon ang propesiya na 'yun ay—ay. . . Ang pagsasalita ng iba't ibang wika ay propesiya kung ito'y mabibigyang-kahulugan." Sabi ko, "Kung ganoon dapat siyang maghintay hanggang sa matapos ako, pagkatapos puwede na niyang salitain."

Sabi nung lalaki, "Pero nagtuturo ka ng Salita."

Sabi ko, "Yan ang tinatayuan ko."

¹⁴⁴ Sabi niya, "Ang babae'y may bagay sana na sariwa't bago mula sa Langit, na iba Riyan." Kung hindi ba 'yun pabalik sa Romanong Katolisismo muli aba'y hindi ko alam!

¹⁴⁵ Mabunsod nga na ang bawat salita ng tao'y kasinungalingan at bawat espiritu'y kasinungalingan, at ang Salita ng Diyos ang Katotohanan. Una dapat ang Salita ng Diyos!

¹⁴⁶ Ang problema sa panahon ngayon, napakarami na nilang kapahayagan at huwad na mga bagay. Nagpapatirapa lang sila riyan at binubuksan ang kanilang puso sa diyablo, sa halip na manatili sa Salita ng Diyos. Diyan nakahimlay ang suliranin, 'yan ang problema. Mga tao, na mga tapat naman, sinsero, mabubuting tao, pero hindi n'yo na sila mapagsabihan. "Buweno, *ito* ang paniniwala namin, bilang mga Pentecostal." "Naniniwala kami sa *ganito*, bilang mga Baptist."

¹⁴⁷ Naniniwala ako Rito dahil Ito'y Salita ng Diyos! Hinahamon ko ang sinuman na ituwid ako Rito. Kita n'yo? Tama 'yun. Ito ang Salita! Manatili kayo Rito, totoo Ito!

¹⁴⁸ Kaya binuo nila ang unang iglesya, ang unang Romano Katolikong iglesya. At sa halip na tawagin ang . . . siya na *obispo*, na 'yun naman sa tuwina ang tawag nila sa kanya, ngayon tinatawag na nila siyang "Padre." Mapasahanggang ngayon nga. At sinasabi nila rito, "Kinakailangan mong tanggapin ito, na ang manipis na tinapay na ito *ay* ang Katawan mismo ni Cristo. At, kung magkagayon, ang pari pala'y diyos, dahil obligado ang

Diyos na makinig sa tinig ng pari na pinagbabago ang manipis na tinapay na ito na maging Katawan ni Cristo.” At ibubunsod ng matatalinong kalalakihan na isubo’t lunukin nila ’yun! Oh, naku! Oh, papaanong . . .

¹⁴⁹ Pero ang tunay na mga mananamba, tunay na mga obispo, sila’y nanatili sa Salita. Nanatili sila habang naroon sa Konseho ng Nicea, pinanghawakan nila ang Salita habang naroon. Siyanga, po. Pumasok sila roon na parang mga martir, lahat na, pero nanatili sila sa Salita na ’yun. Ayaw nila ng anumang idolatriya.

¹⁵⁰ At nais kong pakitaan ako ng sinuman kung saan si Saint Patrick ay Romano Katoliko kailanman. Walang ganoon! Prinotesta pa nga niya ang simbahang Romano. Pamangkin siya ni San Martin. Binabasa ko rito, sa . . . isang babae ang nagsulat ng isang . . . Hazeltine, Gng. Hazeltine, *Excerpts of the Nicene Council*, ang sabi’y nagtungo siya sa isang card sa Oxford para kunin ’yung—’yung card para sa, makuha ’yung, *The Life of Saint Martin*, at ang sabi ng lalaking ito, “Pero hindi siya nakanonisa ng iglesyang Romano.” Tunay ngang hindi, prinotesta niya ang bagay na ’yun! At ganoon din si Saint Patrick. Ang lalaking nanatili sa Salita ng Diyos ay nagtayo ng sarili nilang mga paaralan, lumayo sila sa mga ganoong bagay na ’yun.

¹⁵¹ Ngayon, nasumpungan natin, ganoon din ito ngayon. Nagpapatuloy pa rin ang iglesyang Romano sa pareho nilang bilog na tinapay, na naniniwalang si Cristo’y basta na lang bumababa’t lumulukob dun. At, pakinggan n’yo, alam n’yo ba na iniinom nung pari ang alak? (Samantalang, ang dapat ay gawin nila ’yun kasama ang iba pa, “Iniabot Niya ang saro sa kanila.”) Pero, sa paganong sistema, ang mga pari ang umiinom ng alak. Kita n’yo? Nananatili kayong . . . Ang lahat ng ito’y pagano mismo! Ganoon na ganoon. Wala silang pakialam.

¹⁵² Sasabihin nila sa’yo, “Hindi ako makikipag-usap sa inyo tungkol sa Biblia.” Yung ministro na ’yun, o pari, ang sabi sa akin dun, sabi, “G. Branham, ang Biblia ang sinasabi mo, ang sinasabi ko rito’y iglesya.”

Sabi ko, “Ang Diyos ay Salita!” Tama. Ngayon, buweno.

¹⁵³ Nasumpungan natin dito, mapasa hanggang sa panahon na ito, ’yun pala ang dahilan kung bakit kinakailangan ng iglesyang Romano Katoliko na magpunta sa simbahan para sumamba. Itinuturo kasi sa kanila na “Ang Diyos ay ang bilog na manipis na tinapay na ito, ang Ostiya ng tabernakulo.” Kita n’yo? Hindi n’yo ba nakikita na pagano ’yan? Tunay, nga.

¹⁵⁴ Hindi n’yo ba nakikita na ang mga tao na kumukuha ng kung anong bagay—kung anong bagay na kontra sa Salitang ito ay parehong-pareho? Hindi ba’t ang Biblia, sa Apocalipsis 17, ay tinawag ang iglesyang Katoliko na “isang patotot”? Hindi ba’t tinawag Nito ang mga Protestante na ina ng . . . na siya “ang ina

ng mga patotot”? Pareho mismo! Nagbibigay siya ng doktrina mula sa kanyang saro ng karumihan ng kasuklam-suklam ng kanyang mga pakikiapid, dumi't karumihan, gawa-gawa lang ng tao, sa halip na Salita ng buhay na Diyos na totoo't hindi nahaluan.

“Oh Diyos, mahabag Ka po sa amin,” ’yan ang dalangin ko.

¹⁵⁵ Ang sabi ni Ireneo, may naisulat ako ritong tala ng kanyang sinabi, sabi, “Ang Salita ng Diyos ay katulad sa isang lantay na buntong ng mainam at malalaking hiyas na inilabas para gumawa ng isang bantayog ng isang dakila't, makapangyarihang Hari. Pero,” sabi, “ang mga kredo't, mga dogma, mga denominasyon, ay kinukuha ang mainam na mga hiyas na ’yun at gagawa ng anyo ng isang aso mula rito, at dadayain ang mga mangmang sa Salita. Ginagawa nila ito para dungisan ang mga pamamaraan ng Diyos at magdala ng kahihyan Dito.” Hallelujah!

¹⁵⁶ Kapag sinisikap n’yong papagsabihin ang Salita ng Diyos ng bagay para umakma sa inyong organisasyon, kinukuha n’yo ang mga hiyas mula sa Katawan ng dakilang Hari’t gumagawa kayo ng imahe ng aso, o ng asong-soro, o isang baboy, o kung ano, mula dun. At dinadaya n’yo ang mangmang sa Salita.

¹⁵⁷ Hallelujah! May ilan na kamit ang Espiritu ng Diyos, na tumatayo para sa Salitang nagsalaman. (Diyos, papalaguin Mo ang aming mga hanay.) Ang Salita, wala nang iba kundi ang Salita! Tanggapin n’yo ang Salita na ’yun kung saan sinabi ni Jesus doon, “Ang buong kalangitan at lupa ay lilipas, datapawat hindi ang Aking Salita.”

¹⁵⁸ Samantalang sinasaysay na Nito, “Magbautismo sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo”; ginawa pa rin nilang “Ama, Anak, Espiritu Santo,” tatlong diyos mula Rito. Nagpasok sila ng lahat na ng uri ng mga dogma, at gumawa-gawa ng lahat na ng mga bagay, at nagwiwisik sa halip na naglulubog. Lahat na! Gumagawa ng kung anong gawang-tao na lubluban mula rito, sa halip na ilagay ang Hiyas, sa dakilang Hari, si Cristo.

Oh, Hallelujah! Ang Diyos ’yun na nagsalaman, si Cristo!

¹⁵⁹ Sinalaula nila ang mga pamamaraan ng Diyos. Hinahayaan ang mga tao na pumasok sa simbahan, na ang mga kababaihan ay putol ang buhok, nakakolorete, na ang mga damit ay mukhang iskandaloso. Ang mga kalalakihan naman ay binabae, na hinahayaan ang babae na pangunahan sila na parang kinakaladkad sila sa tainga. Magpupunta sa iglesya, at maglalaro ng bunco at mga bingo, at lahat na ng uri ng bulok na mga bagay. At hayan ang mga mangangaral at iba pa na naroon sa tabing-lawa, kasama ang mga hubad na babae na nakasuot ng mga bathing suit at lalangoy, hihithit ng sigarilyo, at tinatawag ang kanilang mga sarili na “mga lingkod ng Diyos”; samantalang ang templo na ito’y banal na templong inalay sa

Diyos, hindi sa karumihan ng sanlibutan. Totoo po. Pero kinuha nila ang mga hiyas ng Diyos at gumawa ng isang baboy mula roon, o isang asong-soro, o isang aso, o isang polecat, o kung ano, at ipinapakain 'yun sa mga walang alam, na mangmang.

¹⁶⁰ Salamat, Doc. Mayroon naman akong isa rito pero hindi ko lang naisip na gamitin ito, itong panyo.

Oo, 'yun ang ginagawa nila. Si Ireneo nga'y sadyang—sadyang tama.

¹⁶¹ Anong iniisip ng Diyos sa lahat ng ito? Katulad ba 'yun sa parang sinusubukan nilang sabihin, “Oh, walang anuman 'yun sa Kanya”? May halaga 'yun sa Kanya! Mahalaga 'yun.

¹⁶² Bakit Niya sinaysay kay Jeremias ang mga bagay na ginawa Niya noon? Bakit Niya sinaysay 'yun? May halaga kasi. May pamamaraan ang Diyos.

¹⁶³ Ano kaya kung sinabi ni Moises, “Ang sumbrero ko na lang ang huhubarin ko sa halip na mga sapatos ko”? Hindi nga niya sana nakita ang pangitain. Kinakailangan n'yong sumunod sa pamamaraan ng Diyos. Ang Diyos ay may pamamaraan.

¹⁶⁴ Marami nga tayong mababanggit pa. Sige't bumuklat tayo sa isang Kasulatan dito. Marami akong nailista rito. Bumuklat tayo sa Mga Bilang 25, pansumandali. Mga Bilang 25, makikita natin kung ito—ito ba'y mahalaga sa Diyos, o hindi. Tingnan natin kung mahalaga, kung ang mga kredo, mga dogma (at iba pa) ay mahalaga. “Mabuti Siyang Diyos, di Niya pinupuna ang buong bagay.” Hindi Siya ganoon! Naglalagay Siya ng pisingpanukat at naghuhulog ng pabigat, at kinakailangan n'yong luminya Rito.

At ang Israel ay tumahan sa Sittim, at ang bayan ay nagpasimulang magkasala ng pakikiapid sa mga anak na babae ng Moab.

(Pakinggan n'yo!)

Sapagka't kanilang tinawag ang bayan sa hain sa kanilang mga dios: at ang bayan ay kumain, at yumukod sa kanilang mga dios.

At ang Israel ay nakilakip sa diosdiosang Baal-peor: at ang galit ng PANGINOON ay nagningas laban sa Israel. (Hindi nga nakapagtataakang sinabi Niya “Huwag kayong manalangin para sa ganyang uri ng mga tao”! Huh?)

At sinabi ng PANGINOON kay Moises, Ipagsama mo ang lahat ng pangulo sa bayan, at bitayin mo sila sa PANGINOON sa harap ng araw, upang ang maningas na galit ng PANGINOON ay mapawi sa Israel.

At sinabi ni Moises sa mga hukom sa Israel, Patayin ng bawa't isa sa inyo yaong kanyang lalaki na . . . mga nakilakip sa diosdiosang Baal-peor.

165 “Patayin ang bawat isa sa kanila!” Nais ng Diyos na maging Diyos, at kung hindi Siya ang Diyos haya’t hindi Siya maglulumagi bilang ikalawang puwesto. Hindi Niya hahayaan si Baal (at kung anong gawang-taong dogma, at kung anong teorya ng kung sinong tao, o kung anong ideya ng isang kredo, o kung anong ideya ng isang—ng isang denominasyon) na humambalang sa Kanyang daan, Siya’y Diyos at may kakayahan Siya na ibangon ang mga batong ito na maging mga anak kay Abraham. Di Niya kailangang gamitin ang inyong mga denominasyon. Hindi Niya kailangang gamitin ang naglalakihan n’yong mga sosyedad at inyong mga eskuwelahan at mga bagay-bagay. Ang ginagamit Niya ay yaong mahahawakan Niya ng Kanyang kamay, bagay na walang halaga, tapos hihingahan Niya ng hininga ng Buhay at ito’y magkakaroon ng halaga na maglilingkod sa Kanya. Yun ang nagpapaging Diyos sa Kanya. Tunay nga, mahalaga ’yun sa Diyos.

Sinasabi n’yo, “Hindi ’yun mahalaga.” Pero mahalaga nga! Tunay, na mahalaga.

166 Si Pope Leo the Great, nanungkulan noon siya mula 440 hanggang 461. Oh, inakala niya na tama mismo ang ginagawa niya, magpupunta sa simbahan... Bago siya ay si Victor, at siya’y isang daga, rin. At naluklok siya roon, at ganoon na lamang na pinapatay niya ang mga Cristiano’t lahat na.

167 At mangyari ngang sino ang nagpasimula ng lahat ng ito, na “ginawang legal” ang pagpatay? Alam n’yo ba kung sino? Si San Augustine ng Hippo, siya nga ang gumawa nito.

168 Nagkaroon ng oportunidad si San Augustine minsan, ’yun ang sinasabi ng kasaysayan, para maging dakilang lalaki’t mapuspos ng Espiritu Santo. Nakaupo siya sa likurang bakuran doon, sa Lyons, sa Pransya, sa mahusay na paaralan kung saan nagtuturo si Ireneo, at sila at si San Martin. Naupo siya sa bakuran na ito ng paaralan at dumako sa kanya ang Espiritu Santo, pero tumanggi siya na tanggapin Ito.

169 Pagkatapos anong nangyari sa kanya? Makadalawang beses na malalang anak ng impyerno kaysa noong simula, nagtungo siya sa Hippo, Aprika, doon ay nagtayo siya ng kanyang eskuwelahan. At mangyaring...

“Ipakita mo sa akin!”

170 Matutugaygay ko nga sa inyo ang kasaysayan. Siya mismo ang nagpahintulot sa mismong salita niya, na “Tama na ipapatay ang sinumang heretiko na di sasang-ayon sa mga dogma ng iglesyang Romano,” si San Augustine ng Hippo. Mayroon bang iskolar ng Biblia rito, o sinuman na nakapagbasa ng kasaysayan, na nalalamang totoo ’yun, itaas n’yo ang inyong kamay? Oo, kita n’yo? Tunay nga. Si San Augustine ng Hippo, siya ’yung nagpasa ng hatol na “Tama lamang na ipapatay ang mga heretiko na di sasang-ayon sa iglesyang Romano.” Kanyang pinagtibay ang

paganong doktrina, ng paglihis mula sa Biblia, at pagtatatag ng isang pagsamba sa diyos-na-araw. Alam n'yo ba ang dahilan kung bakit ang sangka-Cristianuhan ay . . .

¹⁷¹ Alam n'yo ba kung saan n'yo nakuha ang Pasko? Si Cristo'y ipinanganak ng Abril, pero anong ginawa nila? Bumabagal ngayon ang solar system habang lumalayo mismo, na bawat araw ay humahaba, o paikli nang paikli, at paikli nang paikli, at mula sa ika-dalawampu hanggang sa ika-dalawampu't lima ay 'yung kaarawan nung diyos-na-araw. Halos limang araw, na sa panahon na 'yan haya't sila'y nagdaraos ng Romanong sirko, ang pagdiriwang ng kaawaran ng diyos-na-araw sa panahon na 'yan. At ngayon nakita n'yo na kung anong nakuha n'yo ngayon? "Sinabi nila gawin natin itong mula 'diyos-na-araw,' gawin natin itong 'Anak ng Diyos.'" At ang buong 'yun ay pagano sa simula't sapul! At hayan ang mga tao sa kalsada na suot-suot ang matataas na takong na mga sapatos, at sila'y gegewang-gewang na paroo't parito sa mga kalye, at kumakaripas sa mga tindahan.

¹⁷² At dito noong isang araw haya't sinasabi sa akin ng maybahay ko, "May nagsasabi, 'Hindi ko alam kung anong ireregalo ko kay Tatay.' Sabi, 'Reregaluhan daw siya ni kuya ng sangkuwarta na wiski, at 'yung isa naman ay nagsasabi na reregaluhan niya siya ng champagne.' Tapos may isa na nagsasabi, 'Buweno, reregaluhan ko siya ng isang—isang kahong baraha.'" Ganoon ang pagdiriwang nila ng Pasko, pagano, pagsamba-sa-demonyo! Buweno.

¹⁷³ Pero pinahintulutan 'yun ni Augustine. Kung gusto n'yong silipin ito naroon 'yun sa Schmucker's, dun sa isinulat ni Schmucker, S-c-h-m-u-c-k-e-r-s, Yung *The Glorious Reformation* ni Schmucker, heto ang nakasaad, na "Mula noong panahon na si San Augustine ng Hippo ay nagpataw ng hatol sa iglesyang Katoliko, naging maluwag na daan 'yun para ipapatay nila ang kahit sino na nais nila noon, na tumatanggi sa paganong iglesya na 'yun. At mula noong panahon ni San Augustine, mga tatlong daang taon pagkatapos ni Cristo, hanggang 1850, pati 'yung malaking masaker doon sa Irlandes, nasa walumpu't anim na milyong Protestante ang napatay ng iglesyang Katoliko. Nakasulat 'yan sa Romanong aklat ng mga martir 'yang, 'Walumpu't anim na milyon.'" Ngayon sa mananalaysay ng kasaysayan kayo makipagtalo, siya ang nagsabi n'yan. Inuulit ko lang ang sinabi niya. "Lahat mismo ng di sang-ayon sa dogmang Katoliko!"

¹⁷⁴ Hindi *katoliko*, ang salitang katoliko, hindi sila—hindi sila bagay para sa pangalan na 'yun. Mga Romanong pagano sila.

¹⁷⁵ Hindi 'yung kalugud-lugod na mga tao na 'yun. Nasa sampung makalibo sila na naroon, na kasing sinsero gaya nila . . . gaya ng iba pang mga sumasamba sa diyus-diyosan. Akala nila

ang Diyos ang sinasamba nila, samantalang (balik sa Salita) nasa diyus-diyosan sila na napapaligiran ng mga diyus-diyosan sa buong dako. Kita n'yo!

¹⁷⁶ Buweno, isa 'yung dog-...dogma, mga Romanong dogma. At, pakinggan n'yo, may nais akong isaad dito. Nalampasan ko.

¹⁷⁷ Noong taong 1640, noong taong 1640, noong umiral ang pagpaslang sa Irlandes, sa ilalim ng mga Romanong jurista at mga pari, sandaang libong mga nakumberte ni Saint Patrick ang pinatay. Kung si Saint Patrick ay isang Romano Katoliko, kung ganoon bakit nila pinatay ang sarili nilang nasasakupan? Ang mga taong 'yun ay mga trabahador sa pabrika, at lahat na. Siyanga. "Sandaang libo," sabi sa aklat ng mga martir, "ang ipinapatay nila dahil di sang-ayon ang mga ito sa katuruan."

¹⁷⁸ Nakapunta na ako sa ilan sa mga simbahan ni Saint Patrick sa Hilagang Irlandes. Siyanga, po. Nabigyan ako ng pagkakataon na makita 'yun. Isang malaki't lumang bahay lang 'yun. Wala silang mga diyus-diyosan na nakatayo roon, maski pagbubuhos ng kung anu-ano sa mga paa nun, at may binabayaran para 'yung mga tao'y makabaling dun at makadulog sa diyus-diyosan na 'yun. "Maria, aba ginoong, Maria, at ina ng Diyos," parehong-pareho sa ginagawa nila noon kay Astarte (inali), ang espiritu ni Maria.

¹⁷⁹ Dalawa o tatlong taon lang ang nakararaan nagpasimula ang iglesyang Katoliko ng isang bagong dogma na "si Maria raw ay bumangon mula sa patay at umakyat sa Langit." Ilan ang nakakaalala nun? Oh, lahat nga kayo, siyanga, balitang-balita nga sa mga diyaryo. Mga dogma! Itinayo 'yun sa mga dogma, at wala ni katiting man na Katotohanan kung saan.

¹⁸⁰ Ngayon, kayo na mga Protestante ay kasing sama rin, na tumatangging paniwalaan ang Salita ng Diyos. Hayan nga na may dogma ang iglesyang Protestante na kagaya na rin sa may dogma ang iglesyang Katoliko, at lahat tayo'y sama-samang mali hanggang sa makabalik tayo sa Salita ng buhay na Diyos! Siyanga.

¹⁸¹ Kayo na mga Assemblies of God, kayong mga Foursquare, kayong mga Pentecostal oneness, threeness, o anuman kayo, bumalik na kayo sa Salita ng Diyos! Ihinto n'yo na itong mga makadenominasyong diyus-diyosan, makadenominasyong sphinx. Inali nila ang sarili nila (sa espiritu ng diyablo) papasok sa mga makadenominasyong diyus-diyosan na ito. Alam n'yo ba 'yun? Ang *denominasyon* ay "isang diyus-diyosan"!

Tatanungin mo, "Cristiano ka ba?"

"Presbyterian ako."

"Cristiano ka ba?"

"Methodist ako."

"Cristiano ka ba?"

“Pentecostal ako.”

¹⁸² Wala ngang ikinaiba 'yan sa kung kayo'y isang “baboy” o isang “aso” o isang “skunk,” wala ngang kinalaman mismo Rito. Siyanga. Ang kailangan natin ngayon ay: bumalik sa Salita ng Diyos!

¹⁸³ Ngayon, itong mga nagtrabaho sa mga pagawaan at kalugud-lugod na mga tao noon sa Hilagang Irlandes, kung si Saint Patrick. . .kung saan naroon ang lahat niyang mga paaralan. Alam n'yo, ang pangalan nga niya'y hindi Patrick? Ang pangalan niya ay Succat. Kinidnap siya nung munting bata pa siya; pinatay ang mga kapatid niyang babae. At nakabalik siya, dahil nagsanay siya ng mga aso para manghabol ng mga baboy at kung ano pa, hayan nga na kanyang—kanyang—kanyang—kanyang ginawa 'yun, na nung nagawa niya 'yun, kanila ngang. . .nasumpungan niya ang daan pabalik sa tahanan niya sa kanyang tatay at nanay. At nagpasimula siya ng isang paaralan. At 'yung paaralan na 'yun sa Hilagang Irlandes ay di kailanman tinanggap ang papa bilang kataas-taasang bikaryo ng Diyos, hindi sila naniniwala roon. Nanatili sila sa Salita. Pagpalain ng Diyos ang pinagpalang banal na 'yun, si Saint Patrick, dakilang lalaki.

¹⁸⁴ At narinig n'yo na 'yung sinasabi nila na “Pinaalis ni Saint Patrick ang lahat ng mga ahas sa Ireland.” Basahin n'yo ang kasaysayan at tingnan n'yo kung ano mismo. Naniniwala si Saint Patrick sa pagsasalita sa iba't ibang wika. Naniniwala si Saint Patrick sa makahawak ng mga ahas o makainom ng nakamamatay na bagay; at kaya kapag nakikita nila siya na pumupulot ng ahas at inihahagis 'yun sa pagkakahambalang sa daan niya, ang sabi nila, “Pinaalis niya ang mga ahas sa Irlandes.” Dahil nga 'yun sa naniniwala siya sa paghawak sa mga ahas, at walang makahahamak sa kanila. Oo, oh, tunay.

¹⁸⁵ Wala sila nitong. . .nitong naglalakihang mga dambana. At ano kaya—ano kaya ang gagawin ng isang banal. . . Ano kaya ang gagawin ni Irene sa panahon ngayon? Ano kaya ang gagawin ni Saint Patrick sa panahon ngayon, kapag nakita ang daan-daang bilyong dolyar na ipinapasok sa Katolisismong Romano, para magtayo ng malalaking simbahan at milyon-dolyar na mga rebulto at lahat na't katulad sa ginagawa ng mga Protestante?

¹⁸⁶ Nag-iwan ako ng pahayag nung isang araw at nagulantang ang lahat, 'yan ang dahilan kung bakit di ko pinalalabas ang teyp na ito. Pabayaan n'yo mismo sila, ang bulag ay inaakay ng kapwa bulag, hayaan n'yo silang mahulog sa hukay. Yun lang ang magagawa n'yo, kita n'yo. Noong banggitin ko sa kanila ang tungkol sa pagtawag sa pagdulog sa altar, walang ganoon sa Biblia na “pagtawag sa pagdulog sa altar.”

¹⁸⁷ [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . ng Kanyang kabanalan. Sa pamamagitan ng pagpapakumbaba ng ating sarili sa

Kanyang kamatayan, pagtuturing sa sarili natin na walang anuman, pagkatapos papasok ang Espiritu Santo at iaangat tayo. At hindi tayo nagtitiwala sa sarili natin, dahil sa sarili natin ay wala tayong magagawa, pero sa Kanya ay magagawa natin ang lahat ng mga bagay.

¹⁸⁸ Tayo, sa Kanyang larawan, isang buhay na larawan ng buhay na Diyos. Anong bunsod sa inyo. . . Kapag isusuko n'yo ang inyong sarili sa Diyos at papasok ang Diyos sa inyo, anong bunsod nun sa inyo? Isang buhay na larawan ng Diyos. Hindi isang patay na rebulto na nakalagay lang sa isang sulok; hindi isang denominasyon dun sa mga punong-himpilan sa Washington, sa—sa—sa Kompederasyon ng Mga Kaiglesyahan; huh-uh, hindi, isa 'yang patay na rebulto, isang patay na rebulto't patay na kredo. Bagkus isang buhay na larawan sa indibiduwal!

¹⁸⁹ May nagtuturo nung isang araw, o may munting pasabi, at sinabi nga nito na “Kung ang isang lalaki'y hindi ligtas, at. . . Kung ang isang lalaki'y ligtas at ang asawa niyang babae'y hindi ligtas, pupunta ba sila sa Pag-agaw? Ang babae raw ay di makakasama sa Pag-agaw, kasi walang ganoong bagay na makakasama gaya ng babae sa Pag-agaw, dahil isa sila.” Kalokohan! Ang sabi ni Jesus, “Dalawa ang nasa higaan, at kukunin Ko ang isa at iiwan ang isa.” Isa itong indibiduwal na pakikitungo sa pagitan mo at ng Diyos, na isinusuko mo ang *iyong* katawan; kesyo si nanay, tatay, mga anak, o sinupaman ay tanggapin Ito o hindi. Amen!

¹⁹⁰ Oh Diyos! Ang bulok, na marumi't, salaulang mundo; itong marumi't, salaulang mga iglesya na naturingan lamang na mga iglesya; itong marumi't, salaulang mga organisasyon; itong marumi't, salaulang mga kredo na laban sa Salita ng Diyos. Oh Diyos, dalhin Mo nawa ang isang mapagpakumbaba't munting tao sa kung saan at pakalinishin sila, at iangat sila patungo sa Makalangit na mga dako at ipakita ang Iyong Sarili, na Diyos na pinaka Makapangyarihan sa lahat. Amen. Grabeng kabulukan ang kinahinatnan nito!

¹⁹¹ Tayo'y ginawang kabahagi ng Kanyang kabanalan. Tayo, sa Kanyang larawan, tayo'y mga buhay na larawan ng isang buhay na Diyos. Pagkatapos, patay sa sarili, ibinangon sa Kanya, (ngayon pakinggan n'yo, pakinggan n'yo itong maigi), ang Kanyang Salita ay nagsalaman muli sa *atin*. (Oh, Kapatid na Neville!) Tingnan n'yo! Ano ito? Hindi mitikal, na haka-hakang diyos na nakaupo sa kung saan, kundi isang buhay na Diyos. Ano ang buhay na Diyos? Ang Salita na nasa inyo na ginagawang realidad ang Sarili Nito. Whew! Maluwalhati ang Diyos! Oh, alam ko na iniisip n'yo na isa akong holy-roller, marahil ako nga. Pero, oh, kapatid, nakikita n'yo ba ito? Pananagumpay laban sa bawat denominasyon, pananagumpay laban sa lahat ng paganismo, isang buhay na Diyos na inihayag sa isang

buhay na templo, at ang Salita ng Diyos (na siyang Diyos) ay nagsalaman sa inyo. Bakit? Kayo'y nakaupo sa Makalangit na mga dako, na pinanagumpayan ang lahat ng mga bagay, kay Cristo Jesus. Amen!

Oh, sadyang gustung-gusto ko nga Ito. May lalagpasan lang ako't magpapatuloy na.

¹⁹² Ngayon, pakinggan n'yo. Hayan nga na maging ang pinaka maliit sa Kanyang mga mananampalataya, kahit gaano—gaano nang katagal, o sino—sino, na munti, o anuman kayo, na pinaka maliit sa Kanyang mga mananampalataya (sa Kanya) ay nasa ilalim nga nila ang lahat ng demonyo. Kita n'yo? Masdan! Si Cristo ang Ulo ng Katawan. Tama ba? Buweno, kung saan naroon ang Ulo siyanga't ang katawan ay kalakip Nito. Luwalhati! Kung saan naroon ang ulo ko siyanga't kasa-kasama ang katawan ko rito. At kung nasaan si Jesus, ang Iglesya'y kasama Niya. Amen! Hayan nga na hindi Siya umaalis sa Kanyang Salita; nananatili Siya sa Kanyang Salita, binabantayan Ito, para ibunsod Ito na mahayag. Ang Kanyang Iglesya'y kalakip Niya.

¹⁹³ At, tingnan n'yo, sinasabi n'yo, “Pero, Kapatid na Branham, ako ang pinaka maliit.” Yun nga 'yung mga talampakan ng mga paa Niya. Pero, alalahanin n'yo, nanagumpay Siya kasama kayo, nanagumpay kasama kayo sa bawat katiting nito, maski kayo'y mga talampakan ng Kanyang mga paa. Bawat sakit, bawat diyablo, bawat kapangyarihan, maging ang kamatayan mismo, ay nasa ilalim ng inyong paa, nasa ilalim *ninyo*. Maluwalhati! Pakiramdam ko nga'y hindi ako singkuwenta'y dos sa umagang ito. Ito po ang Katotohanan. Kung maibubunsod ko lamang ang iglesyang ito na makita 'yan, kapatid, tayo'y magiging isang mapanagumpay na iglesya. Mga mananampalataya na kalakip Siya, ang lahat ng kasamaan ay nasa ilalim Niya. Oh, maluwalhati!

¹⁹⁴ Medyo suriin ko muna, tapos magsisimula na lang ako uli sa susunod.

¹⁹⁵ Pakinggan, pakinggan n'yo ito. Sasabihin n'yo, “Kapatid na Branham, wala akong kapangyarihan.” Maging ako man. Wala akong anumang kapangyarihan. “Buweno, Kapatid na Branham, isa akong mahina.” Ganoon din ako. Pero hindi ako dumedepende sa lakas ko, hindi ko ito lakas. Dumedepende ako sa aking kapamahalaan, kita n'yo, sa aking kapamahalaan na ibinigay sa akin. Hindi *ako* ang malakas, hindi ako malakas. *Siya* ang malakas, at ako'y—ako'y Kanya.

¹⁹⁶ Heto, kagaya nga nito, sabihin na lang natin, heto ang mga sasakyan na dumadaan doon sa kalsada, sa Fourth at Broadway sa Louisville, “zoom, zoom, zoom, zoom,” haya't kay bibilis sa abot ng makakaya nila, animnapung milya kada oras sa kalsada, ang lahat ay nagmamadali, nakikipag-unahan, sobrang

abala. Isang munting lalaki ang pupunta dun, na nakataas ang kanyang kamay, at, kapatid, talagang lalangitngit ang mga preno. Buweno, ang munting lalaking 'yun ay wala ngang sapat na lakas para pahintuin ang isa sa mga kotse na naroon, pero mayroon siyang kapamahalaan. (Luwalhati!) Hindi 'yun sa kapangyarihan niya. Buweno, kung may isa sa mga kotseng naroon ang babangga sa kanya, tiyak na titilapon siya. Pero hayaan n'yong itaas niya ang kanyang kamay! Bakit? Yung mga nagmamaneho ng kotse'y napagkikilala ang uniporme na 'yun.

¹⁹⁷ Oh, kapatid, napagkikilala nila ang uniporme na 'yun, talagang prepreno sila. Bakit? Tingnan n'yo ang kapamahalaan niya. Tingnan n'yo kung anong nasa likod niya. Ang buong sistema ng siyudad ay nasa likod niya. Ang tagapagpatupad ng batas ng siyudad ay nasa likod niya. Nirerepresenta 'yun ng unipormeng 'yun. Ibang-iba siya, siyanga, po, dahil isa siyang opisyal.

¹⁹⁸ Sisigaw siya, "Hinto!" Buweno, kung may isa sa mga kotse na sige't "zoom," haya't titilapon talaga siya. Pero huwag na huwag nilang subukan, tingnan n'yo kung anong nasa likod niya. Apakan nila ang mga preno't lalangitngit. Hindi nga niya kailangan magsalita ng anuman, itataas lang ang kanyang kamay. Yun lang ang kailangan, tunay nga. Ang kapamahalaan niya'y galing sa tagapagpatupad ng batas, ang buong 'yun ay nasa likuran niya. Sa sarili niya, mahina siya, pero anong nasa likod niya? Yun 'yung bunsod nung estrelya...ng suot niya, nakasuot siya ng isang uniporme.

¹⁹⁹ Yun ang... hindi ang idolo, pero kung ano ba dapat ang suot ng indibiduwal. Isuot natin ang buong kagayakan ng Diyos, amen, ang turbante ng kaligtasan, itong malaking kalasag (na kasinglaki ng pinto) ng pananampalataya. Oh, kapatid. Hindi nga kung ano siya, kundi ang bagay na kinakatawan niya.

²⁰⁰ Yun 'yung ano nung opisyal... hindi 'yung munting lalaki na nakatayo roon, haya't isa lang siyang ordinaryong lalaki, kundi 'yung bagay na kinakatawan niya!

²⁰¹ Ang Baluti natin ay si Jesus Cristo. Siyanga, po. Lahat ng diyablo'y aapak sa kanilang preno kapag nakita nila Yun. Kapag nakita nila ang buong baluti ng Diyos, ang tunay na bautismo ng Espiritu Santo, amen, na nakita Ito na dumarating diretso mula sa Luklukan ng Diyos, na nagagayakan nang buong baluti ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Amen.

²⁰² Hindi dahil sa malakas *ka*, wala kang anuman, ito'y sa kung anong nasa likuran mo. Bakit? Patay ka na. Sumali ka na sa hukbo, sumali ka na sa kapulisan, ipapatupad mo ang batas at kontrol sa mga diyablong ito. Tama nga, nasa kapulisan ka na, ang buong 'yun ay nasa likod mo. Kita n'yo, kayo'y inaring patay na, kayo'y walang anuman, hindi n'yo kayang pahintuin ang anuman. Pero ang inyong kapamahalaan na ibinigay sa inyo,

dahil kayo'y iniangat at nakaupo sa Makalangit na mga dako kay Cristo Jesus, napagkikilala 'yun ng diyablo. Ang lahat ay aapak sa preno kapag ang mga kamay na 'yun ay itinaas na.

²⁰³ Si San Martin, isang beses sa korte. . . May isang lalaki roon na nanunugat (isang diyablo), malalaki ang kagat niya sa mga tao na parang ganoon, at nagtatakbuhan ang mga tao, sinusubukan niyang mapatay sila. Ang kagat nga niya'y malaki't sang- . . . mahahaba ang pangil niya, mga ngipin, grabeng kalalaking kagat ng laman ang nagugutay niya habang nagwawala siya.

²⁰⁴ [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . sa mga mananamba. At nung mga araw na pauna na niyang nakita, at nalalaman na magkakaganoon, noong Siya Mismo'y tinanggihan ng Kanyang Sariling iglesya, ng iglesyang Laodicea. Ang sabi Niya, “Narito, Ako'y nakatayo sa may pintuan at kumakatok.” Tinalikuran Siya ng organisasyon na 'yun, at 'yun ang nagawa nila sa panahon ngayon, pero nakatayo Siya sa may pinto para kumatok.

²⁰⁵ Oh Diyos, nawa'y mapagtanto ng mga bahagi ng Kanyang Katawan sa panahon ngayon na tayo'y nasa Iglesyang mapanagumpay. Kami'y—kami'y nakay Cristo. Nakaupo kami sa ibabaw ng lahat ng mga bagay ng sanlibutan.

²⁰⁶ Bakit gugustuhin ng aming mga kababaihan na putulan ang kanilang buhok? Diyos, ipinapakita nga n'yan na may kung anong bagay na mali. Bakit gugustuhin nila na ilantad ang kanilang mga sarili sa mga seksing bagay na ito? Bakit magkakaroon ang mga kasamahan namin ng gutom sa kanilang mga puso na makinig sa isang—isang lalaki na gaya ni Elvis Presley o—o sa ilan sa mga Ricky na ito, o iba pa, na tatayo roon na may lumang gitara at lumang langitngit na tugtugin na 'yun at ibubunsod ang mga kabataan naming babae na umindayog at ililis ang kanilang pang-ilalim na damit, at mga bagay-bagay? Diyos, at pagkatapos 'yung binatang 'yun ay mag-aangkin na Pentecostal! Oh Diyos, ano ang. . . Heto itong si Pat Boone na nag-aangkin na kasapi ng Church of Christ at heto ang lahat ng mahahalay, na maruruming bagay. . . Oh Diyos, tinatawag ang sarili niya na “mula sa Church of Christ.”

²⁰⁷ Diyos, napagtanto namin na ang tsapa ng kapamahalaan ay hindi pangalan ng isang denominasyon, kundi ito'y ang kapangyarihan—ang kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo sa bawat indibiduwal na buhay. Diyos, nawa ang mga taong narito sa umagang ito ay magsikap na makapasok Doon. At kung ang teyp na ito'y makalabas patungo sa dako kung nasaan ang mga tao, Panginoon, mapag-unawa sana nila na hindi ito ipinangusap na may masamang hangad, dahil mamamali ako kung ganoon, pero ito nga'y para ang Iglesya'y maging mapanagumpay at mapagkilala ang lugar nito. Para

makita nila mismo kung saan ang lahat ng mga diyus-diyosan na itoHayan nga na lumantad nang tahasan ang iglesyang Katoliko at ginawa itong “isang diyus-diyosan,” ginawa naman ng mga Protestante ito na “isang organisasyon,” at ganoon din ito kasama; tinatanggihan ang Salita, “May anyo ng kabanalan, subalit tinatanggihan ang Kapangyarihan niyaon.” Oh Diyos, ganoon na lamang katotoo ang Iyong Salita, bawat Salita!

²⁰⁸ Ngayon dalangin namin, Ama, na Iyo pong patawarin kami sa aming mga pagkakasala, at nawa ang Mensaheng ito ay tumimo nang malalim sa mga puso. At nawa ang mga taoNawa ang iglesyang ito, habang ang munting tabernakulo na ito ngayon ay nasa proseso ng pagpapatayo ng gusaling simbahan, nawa hindi sila maghanap ng kung anong kabigha-bighaning bagay, kundi sapat lang para masilungan ng mga tao. Diyos, nawa hindi nila tingnan ito at sasabihin, “Kasapi kami sa malaking tabernakulo na may malaking kopula sa ibabaw.” Diyos, maging silid na walang laman. Nawa hindi nila mawaglit ang kanilang paningin sa Kinauukulan, si Jesus Cristo. Nawa Siya ang Isa na 'yun na pupuno sa kanilang templo, at pagkatapos ang kapangyarihan at apoy ng Espiritu Santo'y bumaba sa dambana ng kanilang mga puso. Doon nga matatagpuan ang tunay na dambana, Panginoon, sa puso ng bawat indibiduwal.

²⁰⁹ Dalangin ko sa umagang ito na ang Salitang ito ay mailapag nang may kahustuhan sa dambana ng bawat puso hanggang sa hindi na sila kailanman aalis mula Rito, na sila'y lalapit na matino at may katuturan sa Ebanghelyo, na sinasampalatayanan ang Mga Salita; at hindi ibubuka nang lantaran ang kanilang puso sa masasamang kapangyarihan (o sa mga sensasyon, o pagtili, o pagtalon, o—o kung anong pagpapakita, na kung anong pisikal na anyo, o bagay na parang ganoon), kundi tumungo sa tunay, na totoong kaibig-ibig na Espiritu ni Cristo, kung saan ihahayag Niya ang Kanyang Sarili sa pag-ibig at kapangyarihan.

²¹⁰ Iyo nawang ipagkaloob, Panginoon. Iyo pong pagalingin ang maysakit at nagdadalamhati. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

. . . I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

²¹¹ Habang nakayuko ang ating mga ulo, ilan ba ang maglalapag ng inyong puso sa may dambana at ibunsod ito na maging isang

bukirin sa Diyos, nang sa gayon Kanyang mahasik ang Kanyang Salita sa dambana ng inyong puso, nang sa gayon ay mag-usbong ng buhay ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo? Maaari n'yo bang itaas ang inyong mga kamay at sabihin, "Diyos, akin pong minimithi ito nang buong puso ko"? Pagpalain ng Diyos ang gutom n'yong mga puso, dose-dosena mismo.

Iwan diyan, basta't iwan lang diyan,
Sa Panginoon inyong dalhin at iwan diyan ang
pasan;
Kung tayo'y magtitiwala at di mag-
aalinlangan, Kanyang ilalabas tayo nang
walang alinlangan;
Sa Panginoon inyong dalhin at iwan diyan ang
pasan.

²¹² Sa inyong puso mismo, alalahanin n'yo si Cristo na Tagapagligtas, alalahanin n'yo na namatay Siya para sa inyo. At kung mamamatay lang kayo sa inyong sarili, 'yan ang magbubunsod na alisin ang laman ng inyong katawan, alisin ang laman ng inyong kaluluwa, alisin ang laman ng inyong puso ng mga bagay ng sanlibutang ito at lahat ng mga layaw nito, pagkatapos si Cristo . . . ikaw ay babangunin kasama Niya.

²¹³ Kung hindi pa kayo nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, may dakong tubigan dito. At, sa pag-ahon n'yo mula sa tubig na 'yun, kayo'y ibinangon na para lumakad kasama si Cristo sa isang bagong buhay. Kayo'y patay na kung ganoon, hindi na kayo . . . ang init ng ulo at lahat na ay inalis na. Isa na kayong bagong nilalang kay Cristo. Pagkatapos Kanyang ibabangon kayo sa pamamagitan ng Espiritu Santo at iuupo kayo sa Makalangit na mga dako kasama Siya Mismo, na malayo na sa lahat ng puwersa ng sanlibutang ito.

²¹⁴ Kahit gaanong kaliit, kung munting labandera ka lang, kung kayo'y—kung kayo'y isang kapatid na walang . . . hindi alam ang kanyang ABC, walang diperensya kung sino kayo. Kayo'y nakay Cristo, na pinangumpayan ang lahat ng mga bagay. At ang kapamahalaan mo ay sa ibabaw ng bawat demonyo at bawat kapangyarihan na kamit ng diyablo. Kayo'y nakay Cristo, na mapanagumpay na.

Habang nakayuko ang inyong mga ulo:

²¹⁵ Alam ko na may isang kapatid dito ngayong umaga, si Kapatid na Slink (Sa palagay ko tinatawag nila siyang "Sink, Jim Sink"), na sa palagay ko isang . . . At ang kapatid natin dito'y kinikilala na isang tagapagturo ng Salitang ito. Tama ba, Kapatid na Sink? Papatungan natin siya ng kamay sa umagang ito bago lamang tayo manalangin para sa mga maysakit, para ordenahan siya bilang isang ministro (isa sa mga kapatid natin) para magtungo sa mga simbahan para ipangaral ang Ebanghelyo.

216 Kapatid na Jim Sink, maaari ka bang pumarito sa altar? Halika, Kapatid na Neville. Kapatid na Junie Jackson, nandito ka ba? Sige't alin pa sa ibang ministro ng Pananampalatayang ito?

217 Si Kapatid na Jim Sink dito ay naniniwala sa Ebanghelyong ito na ipinangaral natin, ang Anak ng Diyos, na sinasampalatayanan na Siya ay tunay na ipinanganak-ng-birhen na Anak ng Diyos. Tama ba, Kapatid na Sink? [Sinasabi ni Kapatid na Jim Sink, "Amen."—Pat.] Nananampalataya ka ba na Siya'y namatay at nagbangon muli sa ikatlong araw, na pinanagumpayan ang lahat ng mga bagay, at nakaupo sa kanan ng Diyos, sa gitna ng kapangyarihan ng Diyos sa Itaas, na buhay kailanman para gumawa ng pamamagitan para sa atin? ["Amen."] Sinasampalatayanan mo ba ang bautismo sa tubig sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan? ["Amen."] Sinasampalatayanan mo ba ang bautismo ng Espiritu Santo na ipagkakaloob Ito mismo ng Diyos, na may mga tanda't mga kababalaghan na lalaki sa mananampalataya? ["Amen."] Sinasampalatayanan niya. At naniniwala ako na may buhay siya na walang kapintasan sa harap ng mga tao. Nangangaral siya rito sa simbahan, madalas para sa kanila rito, at nasumpungan ko, "isa nga siyang kahanga-hangang tao ng Diyos."

218 Ngayon, sa iglesia rito, mayroon bang anumang salita rito, sinuman na may kontrang masasabi laban kay Kapatid na Sink? Sabihin n'yo na ngayon o kailanman kayong manahimik. Ilan ang naniniwala na sa pangangaral ng Mensaheng ito at Salitang ito na si Kapatid na Sink...at pinaniniwalaan n'yo 'yan sa pagsaksi ng Espiritu Santo, na si Kapatid na Sink ay dapat na maordenahan at maipadala mula sa iglesia rito bilang isang ministro ng Ebanghelyo, para iproklama ang mga Mensaheng ito gaya ng ipinangaral sa umagang ito, sa kahit saang dako na mapupuntahan niya sa mundo kung saan ipapadala siya ng Panginoon? Itaas n'yo ang inyong kamay at magsabi, "Mananalangin ako para sa'yo, Kapatid na Sink." Pagpalain kayo ng Diyos.

Iyuko na natin ang ating mga ulo.

219 Kapatid na Neville, kung maaari mo pong ipatong ang iyong mga kamay kay Kapatid na Sink habang ipinapatong mo ang iyong kamay sa Biblia.

220 Makalangit naming Ama, idinudulog po namin sa Iyo, sa umagang ito, ang isang lalaki na hinango mula sa kabulukan ng mundong ito, na ibinilang ang kanyang sarili na patay na sa kanyang sarili at tinanggap na si Cristo bilang Tagapagligtas, nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, ibinangon sa pangako ng pagtanggap ng Espiritu Santo, at ngayon nasa

Makalangit na mga dako, at nakaramdam ng tawag sa kanyang buhay sa pagmiministeryo.

²²¹ Oh Diyos, bilang matatanda sa iglesyang ito, bilang kapulungan at pangunahing tagapangasiwa at iba pa, para magbantay sa kawan ng ipinapaalaga sa amin ng Espiritu Santo, heto ang kawan na nakataas ang kanilang kamay yamang nalalaman na si Kapatid na Sink, “ay isang matuwid na lalaki,” kaya heto’t aming ipinapatong ang aming mga kamay sa kanya, bilang si Kapatid na Neville at ako, bilang Iyo pong matatanda, at sa pamamagitan nito ay nananalangin kami ng pananalangin ng pananampalataya at inoordenahan si Kapatid na Jim Sink papasok sa pagmiministeryo ni Jesus Cristo. Iyo pong ipagkaloob ito. Nawa mapuspos siya ng kapangyarihan ng Diyos. Nawa hindi siya makipagkompromiso. Nawa makaakay siya ng mga kaluluwa sa Iyo.

²²² At, Diyos, nanunumpa kami ng katapatan at kapatiran sa kanya, para itaguyod siya saan man siyang dako, sa panalangin, at sa agapay, at sa anumang paraan na magagawa namin. Iyo pong tanggapin siya, Oh Diyos, habang iprinipresenta namin siya sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos. Amen. Amen.

²²³ Habang nakapatong ang iyong mga kamay sa Salita, at diyan aking Kapatid na Sink, inoordenahan kita bilang isang kapatid kay Cristo at ating pakikisama, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen. Pagpalain ka ng Diyos. Buweno. At nagsasabi ang kongregasyon, “Amen.” [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Pagpalain kayo ng Diyos. Napakaraming dapat trabahuin sa Ebanghelyo, kailangang-kailangan talaga, kami’y sandaang porsiyentong nasa likod mo sa lahat ng bagay na magagawa namin para makatulong. Pagpalain ka ng Diyos.

²²⁴ Hindi ba’t kahanga-hanga ang Diyos para... Oh, grabe! Nais kong makakita ng tao. Mainam ’yan. Siya, sa pagkakaunawa ko ngayon, siya ang pumalit sa pagpapastor doon sa Holiness Tabernacle sa Utica, Indiana, kung saan hindi kalayaan dun ang tinitirhan niya.

²²⁵ Ngayon, tingnan natin. Oh, naisaayos na ba natin ang mga kapatid? Oh, sa palagay ko handa na ang mga maysakit para maipanalangin na, di po ba? Sige, sila ba... namigay ka ba ng mga prayer card? Buweno, tumawag tayo ng ilang prayer card nang madalian, kaya ang lahat po’y manatili lang pansumandali. Atrasado na tayo nang husto. Maaari n’yo bang bigyan ako ng sampung minuto? Sige po. Mga prayer card, sige’t ’yung mga may prayer card... Mula saan ang ibinigay mo, bilang isa?

²²⁶ Sige, prayer card bilang isa, maaari ka bang lumapit, bilang dalawa, bilang tatlo, bilang apat, bilang lima. Prayer card bilang isa, dalawa, tatlo, apat, lima, tumayo kayo sa banda rito, sige’t bilisan n’yo po sa abot ng makakaya n’yo,

kung nakatatayo kayo. Kung hindi naman, buweno, ipaalam n'yo sa amin, aalalayan namin kayo. Sisikapin lang natin na nakapagparito nang sindami na makakaya natin. Isa, dalawa—dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, walo, siyam, sampu; anim, pito, walo, siyam, sampu; at tanging ang bilang dalawa lang ang tumayo. Sampu, labing-isa, labing-dalawa, labing-tatlo, labing-apat, labing-lima. (Huh?) Lahat sila, lahat ng mga prayer card, lumipat lang kayo *rito* sa kabila, lumipat kayo rito sa kabila, sa panig na ito kung mamarapatin n'yo.

²²⁷ Oh, hindi ba't kahanga-hanga Siya? Ngayon, ang lahat po'y magpitagan lamang sa abot ng makakaya n'yo, nang sampung minuto ngayon, mga sampung minuto. Ngayon, sila na may prayer card, nabanggit natin na "Ang mga tao na nais maipanalangin, lumapit dala ang kanilang prayer card," at nang sa gayon hindi natin... Kita n'yo, pabalik-balik kasi sila, at pagkatapos sinusubukang gamitin ang mga kaloob ng Diyos na para bang isang Ouija board, pero hindi tayo—hindi tayo naniniwala sa ganoon.

²²⁸ Tayo'y—tayo'y naniniwala sa pagpapasa-Diyos na gawin ang Kanyang Gawain. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? Ilan ang naniniwala na ang Mensaheng ito sa umagang ito ay Katotohanan? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Salamat. Salamat. Pagpalain kayo ng Diyos. Sinasampalatayanan ko Ito nang buong puso, kaluluwa, at diwa ko.

²²⁹ Ngayon, mukha ngang may nasa limampung tao tayo rito na dapat ipanalangin, parang ganoon po. Ngayon, pakinggan n'yo. Ngayon, bawat isa sa inyo ay nakay Cristo. Kayo'y nakay Cristo Jesus, na nagtatagumpay laban sa lahat ng sakit. Lahat kayong nasa pila para sa pananalangin, na mga Cristiano, ipinanganak na muling mga mananampalataya, sige't itaas n'yo ang inyong mga kamay. Ang posisyon n'yo kung ganoon ay kay Cristo. Tagumpay na kayo, at ang tanging bagay na dapat n'yong gawin ngayon ay tanggapin at sampalatayanan kung ano ang sinabi mismo ng Diyos na Katotohanan.

²³⁰ Hindi ko siguro magagawang padaanin itong pila para sa espirituwal na pagkilala, magiging labis na, matatagalan tayo. Pero hindi po sa akin, naniniwala ako na makakapanatili ako rito nang buong araw, mainam ang pakiramdam ko. Sadya nga pong mainam ang pakiramdam ko. Batid ko na totoo Ito. Purihin ang Panginoon! Pero *ngayon* tayo'y nakay Cristo na, *ngayon* nakaposisyon na tayo na nakaupo kay Cristo. Amen! Oh, grabe! Ang mga bagay bang ito na itinuro ko ay Katotohanan? Kung ganoon nga, hayan nga't ibubunga Niya ang Kanyang Sarili. Siyanga.

²³¹ Ilan sa inyo na nasa pila para sa pananalangin ang estranghero sa akin? Kilala ko ang marami sa inyo, pero ang

ilan sa inyo ay estranghero. Itaas n'yo ang kamay n'yo, na nalalamang hindi ko nalalaman ang anumang suliranin sa inyo, itaas n'yo ang kamay n'yo; diyan po sa pila, uh-huh, sige. Siya ba'y Cristo? Sinasampalatayanan n'yo ba Ito? Kinakailangan n'yong magtaglay ng pananampalataya, kinakailangan n'yong sampalatayanan Ito. Kung di n'yo Ito sinasampalatayanan, kung ganoon hindi Ito uubra. Kinakailangan n'yong mapagkilala ang inyong posisyon, kinakailangan na alam n'yo ang inyong lugar. Tama ba, Kapatid na West? Tama. Alamin n'yo ang posisyon n'yo, nangako si Cristo "Ang mga bagay na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo." Sampalatayanan n'yo Ito nang buong puso n'yo.

²³² Yung lalaki na nakatayo riyang sa likod ay may kung anong suliranin sa kanyang balakang. Sampalatayanan mo Ito nang buong puso mo. Hindi ka makapila para sa pananalangin, pero maaari ka nang bumalik at maupo, aalis na 'yan. At hindi 'yan kanser. Bumalik ka na't maupo, tapos na ito. Hindi ko pa nakita ang lalaking 'yun sa tanang buhay ko. Kung estranghero tayo, kapatid, itaas mo ang kamay mo. Kung tayo'y estranghero... Ang mismong nangyari, gumaling siya!

Dito sa kahabaan sa may altar dito, sumasampalataya ka ba?

²³³ Paano ka naman? Tayo'y estranghero, hindi kita kakilala. Nakikilala ka ng Diyos. Nanampalataya ka ba na ako'y Kanyang lingkod? Sinasampalatayanan mo ba itong Mensahe na ipinangaral ko? Paano kaya kung sabihin ko sa'yo na 'yang suliranin mo sa likod ay aalis na sa iyo? Masasampalatayanan mo ba Ito nang buong puso mo? G. Burkhart, bumalik ka na sa Ohio, magaling ka na. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo.

²³⁴ Hindi ka naparito para sa sarili mo, naparito ka para sa iba. Isang babae. At siya'y taga-Ohio, rin, tama, ang pangalan ay Alice McVan. Tama. Naoperahan siya. Tama. Suliranin sa tiyan at sakit na pambabae at pagkanerbiyos. Tama ba? Manampalataya ka lamang at gagaling siya. Humayo ka at sampalatayanan Ito nang buong puso mo. Sampalatayanan mo lamang Ito nang buong puso mo, tatanggapin ito nung babae.

²³⁵ Kumusta ka? Hindi kita kilala, tayo'y estranghero. Tama ba? Nanampalataya ka ba na ako'y lingkod Niya? Nanampalataya ka ba na tayo'y naging mapanagumpay na kay Cristo? Kung nanampalataya ka, para sa pagkanerbiyos mo at mga suliranin mo at mga bagay na mayroon ka, kung ganoon, Gng. Allen, maaari ka nang makabalik sa iyong tahanan at maging maigi na ang lagay.

²³⁶ Naniniwala ako na tayo'y estranghero, hindi po ba? Hindi pa kita nakikita noon. Ito ang unang pagkakataon na nagkita tayo, estranghero tayo sa isa't isa. Nanampalataya ka ba na ako'y propeta Niya? Nanampalataya ka? Dumadanas ka ng sakit sa bato. Tama, di po ba? Hindi ka taga-rito, taga-roon ka

sa Timog. Ipinapanalangin mo ang mga anak mo na di pa ligtas. Ang asawang lalaki mo ang nandiyan sa likod mo. May lalaki sa puso niya sa umagang ito, isang kaibigan na ipinapanalangin niya. Aba, may nakikita akong isang tao, ikaw po'y—ikaw po'y kaibigan ng nanay at tatay ko. May lalaki na pumunta rito na tinatawag na L. C. o S. T., o parang ganoon, S. T. o kung ano, 'yun —'yun 'yung anak mong lalaki. [Sinasiabi ni Kapatid na Neville, "J. T."—Pat.] J. T. . . . Hayan nga, S. T. Hindi J. T., alam ko na. Munting, itim ang buhok na lalaki, nakita ko siya na nakatayo rito sa harap kung nasaan siya ngayon. Umuwi ka, natanggap mo ang kahilingan mo. Makakauwi ka na.

²³⁷ Nandito ba 'yung lalaki ngayong umaga, 'yung lalaki na mula pa ng Georgia? Oo. T. S. Oo. Hindi ko pa nakikita ang tatay at nanay mo buong buhay ko, at alam mong totoo 'yan, pero nakita kita na lumitaw, dito mismo sa harap nila ngayon lang. Alam ko nga. Mayroon kang kahilingan, huwag kang mag-alinlangan.

²³⁸ Sumasampalataya ba kayong lahat, nang buong puso n'yo? Ngayon, ilan kaya? Bawat isa sa inyong lahat ay nakay Cristo. Sinasiabi n'yo, "Yun ba ang Ebanghelyo?" Yun mismo ang ginawa ni Jesus Cristo. Yun mismo ang ginawa ng mga alagad. Yun mismo ang ginawa noon nina Ireneo at ng iba pa sa kanila. Yun mismo.

Sinasampalatayanan n'yo ba? Sige't iyuko n'yo ang inyong ulo.

²³⁹ Halikayo rito, matatandang kapatid. Masyadong maraming tao ang kailangang paraanin sa pila hayan nga. Kumuha tayo ng dalawa o tatlo riyan. Bumaba lang kayo rito. Itong si Kapatid na Neville ko ay isang tao ng Diyos. Naniniwala ako.

²⁴⁰ Dadaan kami rito sa pilang ito rito at mananalangin para sa mga taong ito, magpapatong ng mga kamay sa kanila. Naniniwala ba kayong lahat na gagaling kayo, bawat isa sa inyo? Ang lahat ba rito'y sasampalataya Rito? Kung ganoon iyuko n'yo ang inyong ulo ngayon, nasa Iglesyang mapanagumpay tayo.

²⁴¹ Panginoong Jesus, kilala ko ang kapatid na ito, 'yan ang dahilan kung bakit hindi ako nagsaysay ng anumang sa kanya tungkol dito. Batid ko ang nais niya. Dalangin ko na Iyo pong pagalingin siya, Panginoon, at ibigay sa kanya ang kanyang kahilingan. Sa Pangalan ni Jesus Cristo.

²⁴² Makalangit na Ama, habang nakapatong ang mga kamay ko sa munting kapatid na ito, sa umagang ito, hiling po namin sa Pangalan ni Jesus ang kanyang kagalingan. Amen.

²⁴³ Oh, ikaw si . . .

Makalangit na Ama, Iyo pong ipagkaloob sa aming Kapatid na babaing Dauch dito, isang kalugud-lugod na kapatid na babae, na naging tunay na kaibigan sa amin dito, sa aking

pamilya at sa aming mga mahal sa buhay. Naniniwala kami na siya at ang kanyang asawa ay Iyong mga anak. Dalangin ko, Diyos, na Iyong ipagkakaloob sa kanya ang kanyang kahilingan sa umagang ito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

²⁴⁴ Diyos, sa Pangalan ni Jesus, Iyong pagpalain si Kapatid na babaing Bruce. Batid namin, Panginoon, na siya ay Iyong lingkod. Dalangin namin na Iyong ipagkakaloob ang kanyang—kanyang kahilingan. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

²⁴⁵ Oh Makalangit na Ama, sa pagkabatid na—na Ikaw lamang ang makapagpapagaling kay Kapatid na babaing Blankco, dalangin namin na Iyong pagpapalain siya at ipagkakaloob ang kahilingan na ito sa kanya, Panginoon. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

²⁴⁶ Makalangit na Ama, sa kapatid na babaing ito’y aming ipinapatong ang aming mga kamay sa Pangalan ni Jesus Cristo, hinihiling ang kagalingan niya para sa Iyong kaluwalhatian. Amen.

²⁴⁷ “Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na sumasampalataya,” at ipinapatong namin ang aming mga kamay sa kapatid na babaing ito na gagaling. Sa Pangalan ni Jesus, maipagkaloob nawa ito, Panginoon. Habang ang ninenerbiyos, at nanginginig na katawang ito, ay nakatayo rito, Panginoon, sa ilalim ng epekto ng Espiritu Santo, at pagod, ngunit Ikaw ay Diyos. Iyo pong pagalingin ang kabataang babae na ito, ang dalangin ko, sa Pangalan ni Jesus.

²⁴⁸ Diyos na Makapangyarihan sa lahat, Iyo pong ibigay sa kapatid na lalaking ito ang kanyang kahilingan. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. Nagpapatong kami ng mga kamay sa kanya at kinokondena ang kaaway, sila na lalason sa kanyang kaluluwa, o maglalagay ng isang—isang maitim na marka sa harapan niya. Nawa bumangon siya na mapanagumpay laban dun sa umagang ito, Panginoon, at makilala ang kanyang posisyon kay Cristo Jesus. At mangyari nga na tanggapin niya ang kanyang hinihiling, sa Pangalan ni Jesus.

²⁴⁹ Makalangit naming Ama, habang nakapatong ang mga kamay ko sa kapatid namin, sa Pangalan ni Jesus Cristo, Iyo pong ipagkaloob ang kanyang kahilingan. Amen.

²⁵⁰ Ang kalugud-lugod na munting batang babae na ito, Ama, sa Pangalan ni Jesus nawa’y mahabag ang Panginoon, para sa Kaluwalhatian ng Diyos ay hinihiling namin ang kanyang kagalingan.

²⁵¹ Diyos, batid namin ang hikbi ng puso ng nanay na ito at ang iyak ng kanyang anak na babae. Diyos, magkaloob Ka po ng pananampalataya sa kanya sa umagang ito, at pagkatapos ay gamitin ito ngayon mismo, yamang nababatid na may kapangyarihan siya rito. At mapangyayari ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

252 Diyos, Iyong pagalingin ang munting batang lalaking ito, dalangin namin sa Pangalan ni Jesus Cristo.

253 Diyos, aming Ama, nagpapatong kami ng mga kamay sa aming kapatid na babae at hinihiling sa umagang ito na Iyong ipagkaloob ang kanyang kahilingan. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

254 Makalangit naming Ama, habang ang munting binibini na ito'y lumalapit para kunin ang kanyang dako para sa kagalingan, nagpapatong kami ng mga kamay sa kanya at hinihiling ang kanyang kagalingan. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

255 Sa ibabaw ng kalugud-lugod na munting bata na ito'y ipinapatong namin ang aming mga kamay, sa Pangalan ni Jesus Cristo, humihiling ng kagalingan.

256 Sa Pangalan ni Jesus Cristo, habang nakapatong ang mga kamay sa aming kapatid na babae, nawa Iyong pagalingin na siya ngayon.

257 Aming Ama, Na nasa Langit, sambahin nawa ang Ngalan Mo, sa kabataang lalaki na ito na pinapatungan namin ng aming mga kamay. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, nawa'y kanyang sampalatayanan Ito. Amen.

258 Makalangit naming Ama, sa magiting naming kapatid dito, Panginoon, ang Iyong lingkod, isang lalaki ng Diyos, nagpapatong kami ng mga kamay sa kanya na ang kanyang kahilingan ay maipagkaloob. Sa Pangalan ni Jesus Cristo nawa'y makadako siya sa kanyang posisyon ngayon. Ngayon, heto ang isang anak ng Diyos, sa maluwalhating panahon kung saan kaming lahat ay nagtatapos.

259 Makalangit na Ama, sa aming munting kapatid na babae na lumabas sa kulob na kadiliman para lumakad sa Liwanag, maipagkaloob nawa, Panginoon, na ang kanyang magiting na munting kaluluwa ay maiangat sa kataasan sa umagang ito, sa Makalangit na kapaligiran. At ipagkaloob ang kanyang—kanyang kahilingan, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

260 Makalangit na Ama, sa kapatid namin dito na pinapatungan namin ng mga kamay sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na humiling ng kahilingan na ito'y maipagkaloob sa kanya. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Amen.

261 Makalangit naming Ama, ipinapatong namin ang aming mga kamay sa sanggol ng aming Kapatid na babae at hinihiling na ang kanyang kahilingan ay maipagkaloob sa kanya, Ama, habang ipinapatong namin ang aming mga kamay sa kanya sa Pangalan ni Jesus Cristo.

262 Makalangit naming Ama, ipinapatong namin ang aming mga kamay sa kapatid naming babae, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

Nawa ang kanyang kahilingan ay maipagkaloob, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

263 Makalangit naming Ama, habang ang kapatid naming babae ay dumadaan sa pila na ito at maibunsod . . . ipinapatong namin ang aming mga kamay sa kanya, nawa ang Cristo ng Diyos ay lumapit ngayon at kondenahin ang suliranin at paigihin ang lagay niya. Amen.

264 Makalangit naming Ama, sa aming kapatid, nagpapatong kami ng mga kamay sa kanya at hinihiling na sa Pangalan ni Jesus Cristo, ay Iyong pagalingin siya sa Pangalan ni Jesus. Amen.

265 Makalangit na Ama, sa kabataang babae na ito'y ipinapatong namin ang aming mga kamay, at humihiling sa aming kalugud-lugod na Panginoon. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, hinihiling namin ang kanyang kagalingan. Amen.

266 Kalugud-lugod naming Panginoon, nagpapatong kami ng mga kamay sa kapatid naming ito, sa Pangalan ng Anak ng Diyos, si Jesus Cristo, Na sa Kanya'y kami'y higit pa sa mga mananagumpay. At hinihiling namin na Iyong ibibigay sa aming kapatid ang kanyang kahilingan, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

267 Ama namin, sa kapatid na lalaki ng aming kapatid na babae, sa munting sundalo na ito ng Krus, dalangin ko, Diyos, na ang Iyong Espiritu'y dumako sa kanya at ipagkaloob ang kanyang kahilingan. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

268 Makalangit naming Ama, sa magiting na sundalo na ito ng Krus, siya'y tumayo para sa Iyong Salita sa—sa panahon ng kritisismo at iba pa, at sa kabila nun ay nakatindig sa Salita, humayo na higit pa sa mananagumpay kay Cristo Jesus. Iyo pong ibigay ang kanyang kahilingan, Ama. Ipinapanalangin ko ang aking panalangin at pagkalooban siya mula sa Iyong pagpapala, Panginoon, na Iyong pagagalingin siya at ibibigay ang kanyang kahilingan. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

269 Makalangit na Ama, ang sanggol na ito'y hindi mabubuhay maliban sa Diyos, pero magagawa ng Diyos na paigihin ang sanggol. Ipinapatong ko ang mga kamay ko rito at kinokondena ang kaaway, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Iyo pong pagpalain ang bata, at nawa'y tulungan Mo siya na lumago sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen. Higit pa sa mananagumpay.

270 Makalangit na Ama, sa kapatid naming babae, na pinapatungan namin ng kamay sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang mapanagumpay na tabernakulo ng Diyos ay nagsalaman at nanahan sa kalagitnaan namin. Nawa sa Kanyang Pangalan, ang matuwid na 'yun na Pangalan ng Anak ng Diyos, si Jesus Cristo, ay ipagkaloob sa kapatid naming babae ang kanyang kahilingan. Amen.

271 Aming Kapatid na babaing Kidd, pagpalain ang iyong puso. Makalangit naming Ama, habang pinapatungan namin ang matandang lalaki't babae na ito ng aming mga kamay rito, na nangaral na ng Ebanghelyo noong munting batang paslit pa lang ako, ilang araw ang nakararaan na nakaratay at naghihingalo sa kanser; sumugod ako nang dali-dali para mapuntahan siya, at ang kapangyarihan ng Diyos ay bumaba't dumaan sa isang lalaki na otsenta anyos at pinagaling siya, hanggang sa ang mga doktor ay nanahimik na animo'y nahimalaan, hindi 'yun maunawaan. Dalangin ko na Iyong ipagkaloob ang kanyang kahilingan sa umagang ito. Ang kalugud-lugod niyang asawang babae, Panginoon, na naglalabada para maipadala ang kanyang asawang lalaki sa pagmiministryo para ipangaral itong—itong Nagdudugong Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

272 Iyo pong pagpalain ang kanilang anak na lalaki, si Junior, Panginoon. Dalangin namin na Iyong paiigihin ang lagay niya at pananatilihin siyang malakas, Panginoon. Siya ang kanilang agapay para madala sila sa iba't ibang lugar, para magpatong ng mga panyo. Gayong napakatanda na't hindi na siya makadako sa pagmimisyon, pero sila'y bumibisita sa mga ospital hanggang sa mga kabahayan, nagpapatong ng mga panyo sa mga maysakit. Diyos, Iyo pong kilalanin 'yun, batid ko na Iyo nga. Iyo pong pagpalain sila at bigyan sila ng lakas para sa marami pang mga araw, Ama. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

273 Pagpalain kayo. Mangyayari ito, Kapatid na Kidd, mangyayari ito. [Nakikipag-usap sina Kapatid na lalaki't Kapatid na babaing Kidd kay Kapatid na Branham—Pat.] Purihin ang Diyos. Amen. Oo, 'yung isa na ipinanalangin natin sa telepono.

274 Isang lalaki't isang babae na walumpung taon na ang edad, at napagdaanan na, hindi na makahahayo sa pagmimisyon at makatayo sa pulpito, masyadong matanda na ngayong panahon na ito para makapangaral pa nang ganoon, pero nagpapahatid pa rin dito at kumukuha ng mga parsela ng mga prayer cloth at ipinapadala ang mga 'yun sa mga maysakit at nagdadalamhati, dinadala ang mga ito sa mga ospital at lahat na gaya nun. Para ipatong ito sa . . . Hindi na sila makahayo pa't makataguyod sa pagmiministryo sa paraan na 'yun, pero nagpapatuloy pa rin sila sa pinaka mainam na magagawa nila. Binubunsod nga nun na tayong mga kabataan ay mahiya sa sarili natin. Siyanga, gumagawa para kay Cristo.

275 Alalahanin n'yo, ang matandang lalaking ito rito, si Kapatid na Kidd, ay nangangaral na ng Ebanghelyo bago pa ako ipinanganak. Ganoon nga, lumalabas para manalangin sa mga maysakit, isang magiting na matandang sundalo. At heto, matanda na, ilang taon ka na, Kapatid na Kidd? Walumpu't isang taong gulang na, nagpapatuloy pa rin para sa Kaharian

ng Diyos! Masyadong matanda na para tumayo sa pulpito at magmensahe gaya n'yan, pero bumibisita sa ospital, sa tabi ng higaan, na hayan nga 'yung anak niyang lalaki na ipinagmamaneho siya ng kotse. At hindi na sila makalakad, kaya ipinagmamaneho nila siya at hinahatid sa isang lugar, at silang dalawa, matandang mag-asawa, bumibisita roon at nagpapatong ng panyo.

²⁷⁶ May mahal sila sa buhay na halos mamatay na nung isang araw, isang kabataang babae, ikinukuwento nila sa akin ang tungkol dun. Ipinanalangin namin sila, 'yung apo, pinuntahan at nagpatong. . . Ang bata po'y nakakatayo na ngayon. Purihin ang Diyos!

²⁷⁷ Kapatid na Kidd, tinawagan nila ako rito may katagalan na, mga dalawang taon na ang nakararaan, sa palagay ko, parang ganoon, na may kanser siya sa prostate, nasa pitumpu't walong taon na ang edad noon, o otsenta, halos otsenta na, na may kanser sa prostate. Sinukuan na ng doktor, wala na raw magagawa pa. Dali-dali kaming sumugod, si Billy at ako'y nagsalitan sa pagmamaneho, para makapunta roon kung nasaan siya. At sinabi sa amin ng Espiritu Santo na magpunta nung umagang 'yun noon. Kadalasan ay di namin ginagawa ang ganoon maliban na kami'y pangunahan na gawin 'yun. At nagsabi ang Espiritu Santo, "Pumunta ka," at dali-dali kaming pumunta at nagpatong ng mga kamay sa matandang lalaki, para ipanalangin siya. At ang mga doktor ay di makahagilap ng anuman nun kung saan. Maluwalhati ang Diyos! Oh! Bakit? Ang posisyon natin ay kay Cristo Jesus, na iniangat malayo sa ibabaw ng lahat ng karamdaman at lahat ng kapangyarihan ng kaaway.

²⁷⁸ Oh hindi ba't nagagalak kayo para sa Kanya?

There are people almost everywhere,
Whose hearts are all on flame
With this Fire that fell on Pentecost,
That cleansed and made them clean;
Oh, It's burning now within my heart,
Oh, glory to His Name!
I'm so glad that I can say I'm one of them.

I'm one of them, one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them;
One of them, one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them.

Though these people may not learn to be,
Or boast of worldly fame,
They have all received their Pentecost,
Baptized in Jesus' Name;
And they're telling now, both far and wide,
His power is yet the same,
I'm so glad that I can say I'm one of them.

279 Ilan ba rito ang isa sa kanila? Itaas n'yo ang kamay n'yo ngayon.

. . . them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them;
 Oh, one of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them.
 Now come, my brother, seek this blessing
 That will cleanse your heart from sin,
 That will start the joy-bells ringing
 And will keep your soul on flame;
 Oh, it's burning now within my heart,
 Glory to His Name,
 I'm so glad that I can say I'm one of them.
 I'm one of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them;
 (Hallelujah!)
 One of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them.
 They were gathered in an upper room,
 All praying in His Name,
 They were baptized with the Holy Ghost,
 Then power for service came;
 Now what He did for them that day
 He'll do for you the same,
 And I'm so glad that I can say I'm one of them.
 I'm one of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them;
 (Hallelujah!)
 One of them, one of them,
 Oh, I'm so glad that I can say I'm one of them.

280 Ngayon habang hinihiging natin ito, magkamayan tayo sa isa't isa. Sabihin:

One of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them;
 (Hallelujah!)
 One of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them.

281 Hindi ba't isa nga kayo sa kanila? Sabihin, "Amen!"
 [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen!"—Pat.]

I'm one of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them;
 One of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them.

282 Maaari ko bang awitin ang isang talata?

Though these people may not learn to be, (Wala silang anumang magarbo't bigatin na D.D.,

mga Ph.D., kita n'yo, walang magagarbo't
bigatin na mga bagay, kita n'yo.)

These people may not learn to be,
Nor boast of worldly fame, (Na kung anong
malaking organisasyon.)

They have all received their Pentecost,
Every one of them baptized in Jesus' Name;
And they're telling now both far and wide,
His power is yet the same,
I'm so glad that I can say I'm one of them.

One of them, one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them;
I'm one of them, one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them.

Oh, not for all earth's golden millions
Would I leave this precious place,
Though the tempter has . . . persuade me oft
hath tried,
But I'm safe in God's pavilion,
Happy in His love and grace,
And I'm living on the Hallelujah side!

²⁸³ Oh, grabe! Ikinagagalak ko nga 'yan. Hindi ba't kayo rin? Hindi ba't nagagalak kayo na isa kayo sa kanila? Isa mismo sa kanila, isa sa kanila na mapagpakumbabang tao na inalisan na ng laman ang inyong sarili, nagpakababa (hindi sa harap ng isang diyus-diyosan), kundi sa harap ng isang buhay na Diyos, (hindi sa harap ng isang organisasyon at ilalagay ang inyong pangalan sa libro), kundi sa harap ng isang buhay na Diyos, (hindi para umusal ng kredo), pero para ibunsod ang Salita na magsalaman sa inyo. Kita n'yo, 'yun 'yun. At ipinagpakumbaba ang inyong sarili, at pagkatapos sa pamamagitan nun ay Kanya kayong iniangat sa kaitaasan, (hindi para maging mapagmataas, na mapagpalalo, na sasabihin "Ako'y *ganito*, *ganoon* o kung *ano pa*"), kundi mapagpakumbaba, mababa ang loob, at "papaano't iniligtas Niya ang isang abang katulad ko, at paanong ginawa Niya 'yun?" Ganoon ang pakiramdam ng isang tunay na Cristiano. Hindi ba't naniniwala kayo roon? Oh, Siya nga'y tunay na tunay!

Real, real, He's so real to me!
Oh, real, real, He's so real to me!
Though some people doubt Him, I can't live
without Him,
That's why I love Him, and He's so real to me!
Real, He's so real to me!

Awitin n'yo!

Real, real, He's so real to me!

Though some people doubt Him, but I can't live
without Him,
That is why I love Him, and He's so real to me!

²⁸⁴ Oh, ikinagagalak ko nga 'yun! Siyanga, po. Oh, ikinagagalak ko nang lubos ang dakilang matandang Ebanghelyong daan na ito, ang makapamuhay sa maluwalhating matandang Ebanghelyong daan na ito.

²⁸⁵ Ngayon, mga kaibigan, hanggang sa magkita-kita tayo sa Luklukan ni Cristo muli, na kapag mananalangin kayo, alalahanin n'yo ako. At pagpalain ng Diyos ang bawat isa sa inyo. Ako'y. . .Hindi ko masabing pasensya na't pinatagal ko kayo rito.

²⁸⁶ Ngayon, sa inyo na nakapaglagay ng panyo rito, pinatungan ko na ng mga kamay ang mga ito habang nananalangin tayo para sa mga maysakit, kung napansin n'yo na ginawa ko mismo 'yun noong pagkadako na pagkadako rito ng Espiritu. Hindi ako nagkaroon ng masyadong maraming pangitain ngayon, dahil ako'y nanghihina, pagod, alam n'yo, nakatayo ako rito nang dalawa o tatlong oras na ngayon, nangangaral, at nagpapasimula pa lang ako sa kaunti sa pila para makita n'yo na ang Diyos ay Diyos. Kita n'yo? Ang imposible, ang paradox, na ang mga bagay na di mahanap. . . Ang diyablo. . .

²⁸⁷ Ngayon, alalahanin n'yo, bawat isa sa inyo ay kamit ang kapangyarihan ni Cristo. Wala kayong kapangyarihan, *kapamahalaan* ang nasa inyo, ang inyong kapamahalaan. Kayo'y iniangat mismo, sa kaitaasan; hindi para itaas ang inyong sarili, kundi si Cristo ang nag-angat sa inyo. Kapag inangat kayo nang inangat ni Cristo, mas ninananais n'yo nga na magpakababa't magpakababa pa, kita n'yo, pagpapakumbaba ang lubos na mararamdaman n'yo. Kaya papaano't iniligtas Niya ang isang abang katulad ko, papaanong ginawa Niya 'yun? Pero ginawa nga Niya, at ako'y nagpapasalamat para rito. Amen! Napakabuti!

At the Name of Jesus bowing,
Falling prostrate at His feet,
King of kings in Heaven we'll crown Him,
When our journey is complete.

Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, (Oh, kalugud-lugod na
Pangalan! Hindi ba't kahanga-hanga Siya?)
Hope of earth and joy of Heaven.

²⁸⁸ Ngayon, pakinggan n'yo, huwag n'yong kalilimutan ito, awitin n'yo ang koro, aawitin ko ang talata nito. Kita n'yo? Hindi ko lang alam kung maalala ko 'yung talata na nais kong awitin dito, 'yung kasunod.

At the Name of Jesus bowing,

Falling prostrate at His feet,
King and kings of Heaven we'll crown Him,
When our journey is complete. (Kita n'yo?)

Take the Name of Jesus with you,
As a Shield from every snare;
When temptations around you gather,
Just breathe that Holy Name in prayer.

Yun lang. Itaas n'yo lang ang kamay na 'yan at pakinggan
n'yo ang langitngitan ng mga preno! Kita n'yo? Kita n'yo?

Breathe that Holy Name in prayer.

Precious Name, O how sweet!

Hope of earth and joy of Heaven;

Precious Name, (Oh, precious Name!) O how
sweet!

Hope of earth and joy of Heaven.

²⁸⁹ Sabihin nga natin uli 'yun, lahat tayo nang sama-sama.
Anong sasabihin n'yo? Kunin natin 'yung talata uli, tungkol sa,
"Dalhin mo ang Pangalan ni Jesus kalakip mo, bilang isang
Kalasag mula sa bawat bitag." Sige't awitin natin ito ngayon
habang nakapikit ang ating mga mata.

Take the Name of Jesus with you,
As a Shield from every snare; (Ngayon
pakinggan n'yo. Anong bunsod?)

When temptations round you gather, (Anong
kailangan n'yong gawin?)

Breathe that Holy Name in prayer.

Precious Name, (Precious Name!) (O how
sweet!)

Hope of earth and . . .

[Nakikipag-usap si Kapatid na Neville kay Kapatid na
Branham—Pat.] (Hindi po. Hindi, ako'y—ako'y medyo paos na,
medyo paos na ako, kaya hindi ko masasabi . . .? . . . Nais mo nang
magpauwi . . .? . . . Hindi, ayos lang, gawin mo lang, ayos lang.)

Hope of earth and . . .

Si Kapatid na Neville, ang inyong pastor, ngayon.



CRISTIANISMO LABAN SA IDOLATRIYA TAG61-1217
(Christianity Versus Idolatry)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Disyembre 17, 1961, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org